

Presidential Communications Operations Office

News and Information Bureau

CABINET REPORT SA TELERADYO
WITH PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE
BY SECRETARY MARTIN ANDANAR AND LEO PALO III, RADYO PILIPINAS
WITH MMDA SPOKESPERSON CELINE PIALAGO

APRIL 14, 2018 (11:10 A.M. – 1:01 P.M.)

LEO: Magandang, magandang, magandang Saturday again. Isang pinagpalang Sabado na naman po Pilipinas, sa Luzon, Visayas, Mindanao, maging sa ibayong dagat sa pamamagitan po ng ating website at sa ating pages ng Facebook. At siyempre, ngayon po ay ika-labing-apat na sa buwan ng Abril taong 2018, at ngayon ay masasabi nating ika-labing-apat din na episode ng ating Cabinet Report Sa Teleradyo. ‘Ayan siyempre pa, Secretary...

SEC. ANDANAR: Good morning mga kaibigan, mga kababayan, mga ka-DDS. Good morning, good morning, good morning at welcome po sa isa na namang mainit na talakayan dito po sa ating palatuntunan na Cabinet Report sa Teleradyo. Ito po ang inyong lingkod, Secretary Martin Andanar, fresh na fresh from Hong Kong and China, from Boao, China. At very successful din ang naging lakad ng ating mahal na Pangulo sa Boao at sa Hong Kong, at mamaya we will talk about that more in just a little bit.

Batiin muna natin Leo ang ating mga bisita mula sa ICCT Colleges sa Cainta, Rizal. Mga third year Masscom students, hello... Hayan ang future ng ating mass communication dito sa Pilipinas ha. Sila ay nanonood sa atin mula doon sa labas, and they are—this is part of our ongoing program na kinukumbida natin ang lahat ng ating mga estudyante sa buong Pilipinas na magpunta dito sa ating communications hub sa Luzon, dito po sa Philippine Information Agency building dito po sa Quezon City at para makita nila iyong ating operations sa radyo, sa telebisyon, sa ating online, sa ating printing dito rin sa Philippine Information Agency. And it is a great opportunity para sa ating mga estudyante na makita firsthand kung anong ginagawa ng mga professionals dito sa government media.

LEO: Yes. At saka libre! Hindi tulad ng pupuntahan nilang ibang private media entity, eh may bayad. Ito libre lahat! Imagine mo ‘pag nandito ka, kasama na ang radyo, kasama na ang TV. Oh, naiikot na nila iyong buong facility.

SEC. ANDANAR: Iyong ating ICCT Colleges-Cainta ay mayroon silang pagkakataon na isa-isahin – Philippine News Agency, Radyo Pilipinas, FM 1, FM 2 at makita nila kung gaano na kaganda ang ating pasilidad dito sa Philippine Information Agency, dito sa RP, Philippine Broadcasting Service, Philippine Television Network at sa ating Philippine News Agency, and this is really a great opportunity for students.

Kaya ang masasabi ko lang Leo sa ating mga guro na nakikinig ngayon, mga professors, sa ibang mga colleges that this is really for everyone.

LEO: Yes. Oo lahat ito, lahat puwede! Iyon nga pala, naka-hookup dito tayo sa Radyo Pilipinas Dos.

SEC. ANDANAR: Aba, hindi lang Uno, pati Dos. Nationwide ba ito? Nationwide!

LEO: 998, hayan...

SEC. ANDANAR: And we are being broadcast nationwide ‘di ba? Nationwide tayo ngayon buong Pilipinas – 27 AM stations nationwide, plus 20, plus 10 – 30 actually stations nationwide. We are being heard all over the country, over 55 radio stations and live po tayo sa ating Facebook pages dito po sa Presidential Communications Operations Office na Facebook page, Presidential Communications, RTVM, PIA, PNA, Radyo Pilipinas Uno, kaya we’re all over the place.

LEO: Pati iyong Facebook page ng PTV.

SEC. ANDANAR: Hayun, pati iyong personal ko na Facebook page – Martin Andanar.

LEO: Oo nga, lagi naming nakikita iyon.

SEC. ANDANAR: Alam mo pinaka-active sa Facebook page ko, iyong newscast ng RP1 tapos iyong mga speeches ni Presidente sa Presidential Communications. So, parating lumalabas doon, parati...

LEO: Laging bumubulwak eh. Pero sabi ko nga, sino bang naglalagay nito? [laughs]

SEC. ANDANAR: Oo. Hindi, ang mahalaga kasi ay ma-distribute natin nang husto; ma-disseminate natin nang husto ang impormasyon mula sa Palasyo. And by the way ha, we would like to congratulate also RTVM ng Presidential Communications dahil napakadami ng ‘followers’ ng Presidential Communications Facebook page. Mayroon na pong almost 1.4 million, iyon... So kitang-kita naman natin na malaking avenue ang Presidential Communications for our kababayans, especially iyong mga nakasalamuha natin sa Hong Kong, hindi ba.

LEO: Wow, oo. Sabi ko nga, iyong ating mga kababayan sa Hong Kong nakakatuwa ano. Iyong tipong halos nakita mo lahat—buti nga hindi pinagbawalan iyong cellphone, talagang ang lakas ng ano ng Facebook ‘no.

SEC. ANDANAR: Alam mo partner, ganito lang kasimple iyan ‘no. Iyong biyahe natin sa Hong Kong—biyahe ni Presidente sa Hong Kong, the first time na nagpunta si Presidente sa Hong Kong and this time na nagpunta siya ulit at kinausap iyong mga kababayan natin sa Hong Kong, masasabi kong hindi nagbago iyong init ng kanilang pagtanggap sa ating mahal na Pangulo. In fact ay mas lalo silang ginaganahan everytime na—

LEO: Ano pa ‘yan ha, weekday pa iyan. May mga pasok pa iyang mga iyan!

SEC. ANDANAR: May pasok pa, oo. In fact, marami ngang ano Leo, maraming gustong magpa-register pero talagang limitado lang iyong puwede nating i-accommodate – hindi dahil sa espasyo, kundi dahil sa security reasons, ano. Alam naman natin na ang ating Pangulo ay talagang... high security risk talaga, oo, dahil maraming mga—alam mo na, iyong mga drug lords na kumakalaban, terorista, etcetera, ISIS. So talagang binabantayan nang husto ang ating mahal na Pangulo. Kakaiba ‘tong Pangulo na ito.

LEO: May nagsabi doon, parang hindi daw niya malapitan iyong Presidente. Sabi ko, kung nandoon ka lang malapit-lapit nang konti sa gitna, baka sakaling nakamayan mo. Sabi ko, pasensiya na kasi iyong security hindi naman talaga gawa ng PSG iyon, gawa iyon ng security—ng Hong Kong police. Grabe hindi ba?

SEC. ANDANAR: Hong Kong police. Alam nagulat ako Leo, nagulat ako kasi hindi naman ganoon ang security the last time. Pero itong nakaraang pagbisita ni Presidente sa Hong Kong, pagdating pa lang sa airport all the way to the hotel, nakita mo na walang ibang puwedeng dumaan sa kalye.

LEO: Ang galing hindi ba.

SEC. ANDANAR: First time nangyari ito ha, na sa lahat ng mga presidential visits na nakasama ako kay Pangulo – which is lahat ng kaniyang biyahe na nakasama ako – itong security ngayon ay very overwhelming, kakaiba. Ngayon lang ako nakakita na iyong Hong Kong na napaka-busy niya, napakadaming sasakyan, na wala talagang pinadaan sa highway. Ano Leo ha, hindi lang iyong papunta doon sa kung saan papunta, pati iyong opposite direction, walang pinapadaan. Talagang nag-lockdown! Kung saan kami dadaan, both directions walang pinapadaan na sasakyan sa highway. Makita mo, ‘wow’!

Sabi ko, grabe iyong security and yet pagdating mo sa hotel, nakita mo naman na doon sa labas pa lang, nandoon na iyong mga Hong Kong police na napapanood mo lang sa pelikula hindi ba? Talagang kitang-kita mo, ganda ng kanilang mga sasakyan, ang ganda ng kanilang mga uniporme, tapos iyong tindig nila iba, parang nasa pelikula, parang mga kasama ni Jackie Chan sa move hindi ba?

LEO: Sabi ko nga kung ano iyong—ito ha, pansin ko lang naman. Iyong sa US President... sa US President kasi, ‘pag dumaan ang Presidente ng Estados Unidos, maging iyong establishments sarado iyan, hindi ka puwedeng lumabas, hindi ka rin puwedeng pumasok. Kung nandoon ka na nakatayo, huwag kang gagalaw. Parang ganoon ang nakita kay Presidente eh!

SEC. ANDANAR: Grabe... So very—it was a very different experience this time, and yet iyon nga, napakadaming mga Pilipino pa rin ang gustong—iyong makakasalamuha si Pangulong Duterte. Pero para sa mga hindi na nakapasok, pasensiya na... Dahil mayroon talagang mga sinusunod na patakaran.

LEO: Yes. ‘Yan iyong tinatawag naming security protocol para doon sa—siyempre, para sa kaligtasan po ng ating Pangulo. Alam mo Secretary last week ang aming—nakatawag ka ba last week, hindi ano? Busy, tama!

SEC. ANDANAR: Saan ba kayo last week?

LEO: Si NFA CabSec... Assistant Secretary Jonas Soriano.

SEC. ANDANAR: Yes, the last time oo.

LEO: Hindi masyadong magdaldal, oo iyon bang taong iyon?

SEC. ANDANAR: Si Jonas?

LEO: Oo, kulang iyong dalawang oras [laughs].

SEC. ANDANAR: Alam mo si Jonas ano iyon eh, kasamahan ko ‘yan sa Asian Institute of Management, talagang magaling iyan. Entrepreneur tapos iyong kaniyang puso ay nasa tamang lugar. His heart is in the right place, kaya talagang kukulangin ang isang araw sa’yo, oo. Kung dalawang oras lang ang mailalaan natin sa kaniya, eh siguro kailangan natin ng tatlong oras para sa mga issues ni Asec. Jonas.

LEO: Nabitin nga kami ni Direk Vinchie eh. Sabi ko, naku ang haba niyan. Pero ngayon—

SEC. ANDANAR: Si Vinchie nakita ko sa mga litrato, ‘di ba nag-live ka dito Vinchie? Yes... [laughs]. Alam mo ba ang pangarap ni Vinchie, maging broadcaster. Oh... hindi na pangarap. Hindi na pangarap, dahil nangyayari—totoo na.

LEO: Naging totoo na. Hindi ba sabi mo ‘pag wala tayo, ‘di siya ang uupo?

SEC. ANDANAR: Oo, siya. Akala ko nga siya ang uupo ngayon eh. Puwede naman, sa second hour ikaw umupo dito.

LEO: [Laughs] Naka-ready naman iyan eh, anytime daw eh, kasi para daw siyang sundalo.

SEC. ANDANAR: Uy ano ha, si Secretary Francis Tolentino ay pinagkaguluhan din doon sa Hong Kong—

LEO: Sa Hong Kong.

SEC. ANDANAR: Oo ng ating mga OFWs doon. Kapag sinasabi ni Presidente na isa sa mga senatoriable ko si Francis Tolentino, talagang grabe ang sigawan ng mga OFW doon.

LEO: Si Asec. Mocha.

SEC. ANDANAR: Sino pa ba? Sinong mga binanggit, okay sige!

LEO: Si Tolentino—

SEC. ANDANAR: Secretary Tolentino, sino pa?

LEO: Si Asec. Mocha.

SEC. ANDANAR: Mocha Uson.

LEO: Si Mon Tulfo.

SEC. ANDANAR: Iyon ang pinakabago sa listahan.

LEO: Oo, nagulat ako eh.

SEC. ANDANAR: Dahil kapag itong si Mon Tulfo tatakbo. Pagtayo ni Mon Tulfo nagsigawan iyong mga tao eh.

LEO: Oo eh sigawan eh. Pero may karugtong si Presidente doon eh.

SEC. ANDANAR: Oo ano?

LEO: Apan... ibig sabihin, but ingat kayo, pareho kami nito.

SEC. ANDANAR: Pero nakita ko na malaki talaga iyong following ng Tulfo brothers ‘no.

LEO: Oo, malinaw iyan malinaw.

SEC. ANDANAR: Nakita ko na... oh sino pa? Nabanggit natin si Francis Tolentino, si Mocha tapos si Mon Tulfo. Sino pa iyong binanggit?

LEO: Pinakamatindi si—

SEC. ANDANAR: Harry Roque.

LEO: Harry Roque, si Roque.

SEC. ANDANAR: Lima.

LEO: Pinakamatindi kay SAP Bong Go.

SEC. ANDANAR: Iyong paborito niyang Senador.

LEO: Oo paboritong Senador eh, wala na.

SEC. ANDANAR: Iyong nabanggit doon sa—

LEO: Noong pagkasabi ng paboritong Senador ay wala na, parang akala mo mayroong konsiyerto, nagsisigawan iyong mga—

SEC. ANDANAR: Nagulat ako dahil doon sa—pagdating ko doon sa—pagdating natin doon sa Filipino Community events, ano, na maraming mga tarpaulin si Bong Go na si Bong Go ang sinusuportahan nila.

LEO: Akala ko—kinabahan ako akala ko may rally sa harapan eh.

SEC. ANDANAR: [laughs].

LEO: Sabi ko, oh nakapasok yata. Mabuti na lang Bong Go nakalagay eh!

SEC. ANDANAR: [laughs]. Pero prior to that mayroon ding isang event na pinuntahan namin ni Bong, ito ay sa Hong Kong din.

LEO: Ah iyong mga group of ano—leaders, leaders ng...

SEC. ANDANAR: OFWs din.

LEO: OFWs din.

SEC. ANDANAR: Ng mga nakatira sa Hong Kong na sila mismo ay hinihikayat si SAP Bong na tumakbo pero kausap ko si Bong sa eroplano, hindi talaga siya kumbinsido eh.

LEO: Na?

SEC. ANDANAR: Na tumakbo na Senador. So—

LEO: Ano reason? Talagang to serve the President? Pinanindigan talaga niya?

SEC. ANDANAR: Ano siya eh, torn between two lovers, feeling like fool. Parang ganoon eh. Hindi torn siya kasi siyempre SAP, Special Assistant to the President tapos kailangan siya ni Presidente. At the same time si Presidente mismo ang nagsasabi na paborito kong Senador. Pero sa loob-loob niya gusto niya doon lang siya kay Presidente. Pero si Presidente mismo nagsasabi sa kaniya na tumakbo na, tapos iyong mga tao ganoon din—

LEO: Iyong mga tao lalo.

SEC. ANDANAR: So alam mo—pero deep inside him, gusto niyang manatili talaga sa Palasyo.

LEO: Hindi mo sinabi sa kaniya na—

SEC. ANDANAR: Na ano?

LEO: Si Presidente sinusunod iyong tao. Eh paano kung ang tao gusto kang patakbuhan? Hindi ba sinabi iyon?

SEC. ANDANAR: Iyon nga eh. Siguro at the end of the day ay si Bong na ang makakapagdesisyon niyan kung ano talaga ang kaniyang pasya. Pero anyway, pag-usapan natin iyong sa China.

LEO: Oo naman. Actually iyong sa China... tama ba ako Sec.? Correct me If I'm wrong, parang Davos ito na event kumbaga kasi mga—pero high level ang dating.

SEC. ANDANAR: Pero ito Chinese.

LEO: Oo Chinese lang ito.

SEC. ANDANAR: Pero Chinese version.

LEO: Chinese version pero hindi biro dahil sa iyong level pa lang ng usapan doon para sa ekonomiya ng Asia ay hindi matatawaran ito, wika nga.

SEC. ANDANAR: Actually iyong mga nabanggit ko iyong mga catch words doon sa speeches doon sa Boao, China iyong opening ay iyong collective development ng Asia at China.

LEO: China.

SEC. ANDANAR: Nandoon din binanggit din doon iyong... of course iyong globalization: na hindi uunlad, hindi magiging successful ang globalization kung wala iyong rehiyon ng Asia.

LEO: Yes.

SEC. ANDANAR: Sapagka't Asia is two-thirds of the global economy. Tapos nandoon din iyong innovation, hindi ba? Iyon iyong mga catch phrase doon eh. At openness, kasi iyong China, in-explain ni President Xi na they are in a new phase of opening China. So they are opening it wider to the entire world.

LEO: Hindi katulad dati na parang ano lang, para sa kanila lang. Mas open pa rin ngayon ang China sa lahat, lalo na may pinu-push kasi sila for—para sa ekonomiya na hindi lamang para sa kanila kung hindi sa mga kalapit na bansa lalong lalo na sa Asya.

SEC. ANDANAR: So iyong Boao-Asia Forum, para malaman lang ng ibang mga kababayan natin. Ang isa sa mga founder diyan ay si dating Presidente Fidel Ramos.

LEO: Yes.

SEC. ANDANAR: Oo noong during his time.

LEO: That was 2001 kung hindi ako nagkakamali pati iyong Australian Prime Minister, si Hawke ba?

SEC. ANDANAR: The former Australian Prime Minister Bob Hawke.

LEO: Bon Hawke.

SEC. ANDANAR: Bob Hawke ba iyong first name niya. So iyon nga ito iyong version ng Asia doon sa Davos. So ang pinag-uusapan po dito sa Boao Forum na annual po ito, annual conference ay iyong ekonomiya talaga ng Asia at kung papaano papalaguin hindi lang ekonomiya ng isang bansa kung hindi ang buong Asia as a group: na paano pa lumago ang ekonomiya; paano pa magamit ang buong sistema; na hindi lang ng China, hindi lang ng ASEAN, kung hindi ng buong mundo. Kung papaano tayo makipag-trade sa Amerika, sa Europa, sa Africa. So that's the reason and ito rin iyong avenue na pinapakita rin ng Chinese government iyong kanilang sinseridad at commitment na makipagtulungan sa ibang bansa, sa paligid because paulit-ulit na sinasabi ni Xi na kailangan peaceful co-existence. Hindi lang— hindi lang people to people but also the economy, kailangan nandito tayo lahat para umasenso iyong buong mundo.

LEO: Kumbaga hindi lang one way—

SEC. ANDANAR: Oo one way.

LEO: Kailangan two ways at saka sustainability.

SEC. ANDANAR: Binanggit din nila iyong sustainability ng economy na kailangan hindi natin sinisira iyong ating kapaligiran.

LEO: Correct!

SEC. ANDANAR: So kailangan ma-sustain natin para sa susunod na mga henerasyon, hindi natin—hindi puro ano, iyong mga smokestack economy – factories na nag-e-emit ng mga carbon monoxide – na nakakasira ng ating hangin.

LEO: Iyon ang pinakamagandang nangyari diyan sa area ng China at nagpunta po doon ang Pangulo, naturalmente! Eh isa po iyan sa siyempre mga highlights na nakita ng ating mga kababayan doon. Actually, in-interview nga ako doon eh.

SEC. ANDANAR: In-interview ka?

LEO: Oo, nahiya ako eh.

SEC. ANDANAR: Ng isang foreign media?

LEO: Sabi noong Chinese, ‘What do you think of our President?’ [laughs]. Mga Intsik eh, pero anyway, siyempre pinagmalaki ko ang Pangulo ng bansa, alangan namang Pangulo nila ang ipagmalaki ko.

SEC. ANDANAR: Pero mamaya partner, we’ll just take a short break by 11:30, ikukuwento natin sa mga kababayan natin kung what was so special about the Boao-Asia Forum visit our President Duterte. Ano ba iyong timelines na nangyari, na mga highlights na nakita natin na hindi nakita sa camera o hindi ninyo siguro napansin na kailangan nating i-highlight kung ano iyong naging pakinabang ng bansa natin.

LEO: At saka may mga discussions doon ng mga leaders na not for media coverage. So siyempre nandoon ka rin sa loob, may mga napag-usapan doon na parang sabihin na natin eh significant sa bawat isang mamamayan, hindi lamang sa Pilipinas.

SEC. ANDANAR: Alam mo partner talagang ano eh, noong sa opening ng Boao Forum, it was very surreal for me personally. Kasi noong 1995 nag-aaral pa ako ng political studies sa Australia, so more than a thousand miles away, pinag-aaralan ko iyong China: iyong the Chinese economy; the Chinese government; si President... si Jiang Zemin pa ang Presidente noong time na iyon. Talagang iyon ang ano ko, iyon ang pinaka-major ko sa politics eh! Chinese politics, tapos nandoon ako sa opening partner.

Siyempre ito na iyong pangatlong beses ko na um-attend ng event na nandoon si President Xi at pangatlong bilateral na rin na na-attend-an ko, talagang—until now surreal pa rin sa akin na noong 1995 pinag-aaralan ko lang itong ekonomiya ng China, politika ng China ngayon I’m just five chairs away from President Xi delivering the speech doon sa Boao. Hindi biro kasi he is one of the most powerful leaders in our midst right now, in the whole world.

The biggest economy in the world at siya iyong—siyempre marami tayong kuwento mamaya, iyong mga highlight na hindi po nakunan sa media at hindi po na-broadcast. Napaka-exciting, kailangan nating ma-expound sa ating mga kababayan kung bakit napalaki ng panalo ni Pangulong Duterte at ng Pilipinas sa Boao, China.

LEO: At kung bakit magiging masaya ang bawat Filipino kay Pangulong Rodrigo Duterte. Sa aming pagbabalik iyan dito pa rin po sa Cabinet Report sa Teleradyo.

[COMMERCIAL BREAK]

LEO: At siyempre narito na pong muli tayo, balik-balik tayo, hindi po sa Sampaloc kundi dito po tayo sa Visayas Avenue sa Quezon City. It’s Saturday again, ma-traffic na Saturday. Na-traffic ka ba Secretary? ‘Ayan...

SEC. ANDANAR: Medyo ma-traffic dito sa may Cubao area, pati dito sa may Magallanes na paliko ka na papuntang EDSA, medyo traffic diyan. Kaya maganda iyong Waze eh!

LEO: Sabi ng Waze oh, “Unusual traffic...” Oo nakalagay unusual, sabi ko bakit kaya. Pati siya nagulat, ibig sabihin... [laughs]

SEC. ANDANAR: Nagulat iyong artificial intelligence ng Waze ‘no.

LEO: Oo, ibang klase. Well kanina naiwanan natin iyong issue, sabi ko nga—sabi mo rin, napag-usapan dapat natin iyong mga nangyari diyan sa China at maging sa bahagi ng Hong Kong. Eh gusto kong itanong diretso muna sa iyo Sec., ang Pangulo po ay nagdala ng more or less 9.8—or sabihin na natin close to 10 billion dollars na investment from China. So anong pakinabang nito, ni Juan Dela Cruz?

SEC. ANDANAR: Well, mas makikita natin na itong possible investments na ito, puwedeng maglikha ng more than 10,000 jobs sa bansa natin. These are different industries na gustong mag-invest sa atin, from infrastructure to manpower, halo-halo na iyan eh. At ang kagandahan dito, ay malakas na nga iyong ekonomiya ng Pilipinas; mayroon na nga tayong mga forecast na sosobra tayo sa 6.9 sa GDP, sabi ni Secretary Pernia. At sinabi na nga ng USA news na the Philippines is the best country to invest in 2018.

Itong nangyari sa China, it is just actually a proof na—o dagdag na... kumbaga pulutan, kumbaga sa inuman ba, dagdag pulutan para mas lalong sumarap ang inuman. Kumbaga dito, dagdag pruweba ito na talagang naniniwala ang mga negosyante na maganda ang kalakalan sa Pilipinas. So, biro mo 9 to 10 billion dollars papasok dito in private investments! So it will generate jobs, number one; number two, iikot ang pero sa ekonomiya natin; number three, mas lalong lalakas ang kumpiyansa ng mga iba pang mga dayuhang mangangalakal/negosyante na pupunta dito.

Bukod diyan ay mayroon din pong grant/aid ang China. Kapag sinabi mong grant or aid, donation – hindi utang ito. Binigay lang sa atin, na 500 million renminbi. So that’s... mga 3.5 billion pesos na ibinigay ng China. So, ano ibig sabihin nito! Ibig sabihin nito, ay very committed ang Chinese government na tulungan ang Pilipinas na makaahon sa kahirapan. Lahat ng mga unos, lahat ng mga problema na pinagdaraan natin, nakikiisa ang China na ito ay malampanan natin, iyong mga problemang ito.

So, ano ibig sabihin niyan? Ang China po ay isang superpower, it is the biggest economy in the world now, as a country itself; the number two superpower in the world. Nandiyang lang, nasa tabi lang natin...

LEO: Sabi nga nila, ito nga iyong pinangungutangan ngayon ng Amerika.

SEC. ANDANAR: At base doon sa mga talumpati ni Pangulong Duterte, na sinasabi niya: “The future of the Philippines is in Asia.” Our future is here in Asia, not anywhere else – but here in Asia. Some of his speeches sabi niya, “Our future is in China.” So—and then suddenly you have a Chinese President na iyong kaniyang tiwala sa ating Pangulo ay talagang 101%. At mapapansin mo, ito iyong mga highlight sidelines na kung hindi mo napansin, iyong napakahalaga dahil nagpapakita ng respeto sa ating Pangulo at sa Pilipinas at binibigay iyong kahalagahan.

Noong simula na iyong Boao Forum, opening... siyempre una iyong host country, host leader, hindi ba? Una si President Xi lalabas, iyong sumunod doon si President Duterte na, iyong

sumunod na nakapila. So according to the hierarchy of importance of world leaders, na sa tingin, sa vantage point ng China, tayo iyong pinakamahalagang bansa doon sa conference na iyon, hindi ba? So iyong entrance pa lang nakita mo, lalakad si Presidente at nakita natin doon si Mayor Inday Sarah Duterte na very regal ang dating 'no. Parang talagang she was born to walk that ano... along the halls of the Boao Forum event, sa conference hall.

LEO: Ang sabi nga ng iba eh, ito na ang susunod [laughs].

SEC. ANDANAR: Of course marami nang mga speculation 'di ba? Pero kitang-kita ko, talagang naglalakad si Mayor Inday doon at wow sabi ko, talagang world leader din ang dating ni Mayor Inday 'no. So first President Xi, tapos siya, hindi ba? Now umupo sila doon sa mga silya nila...

LEO: Ito iyong hindi namin nakikita ha, iyong sinasabi mo hindi namin nakikita iyon.

SEC. ANDANAR: Oo, kasi ako 4 chairs away lang ako sa kanila eh, 4 chairs away. Siyempre iyong pinaka-nasa gitna talaga, kung sino nasa gitna, iyon ang pinakamahalaga para sa China. So nandoon si President Xi, iyong kaniyang maybahay, President Duterte, tapos si Mayor Inday – sila iyong na front and center, silang apat; tapos naka-evenly distribute na sa left and right lahat ng mga world leaders 'di ba. Nandoon iyong mga—ano na nga bansa na nagpunta doon?

LEO: Austria...

SEC. ANDANAR: Austria, Netherlands, Singapore...

LEO: Yes, nandoon lahat! Iyong ASEAN ano...

SEC. ANDANAR: Kung makikita mo doon sa pagkakasalansan, kung sa baraha ba 'di ba, kung sa baraha...

LEO: Iyon ang mas malaking importansiya.

SEC. ANDANAR: Malaking importansiya, oo, talagang nandoon siya. Kung sa central business district pa ay nasa Ayala corner Makati Avenue.

LEO: Samantalang former Chairman na si Presidente ng ASEAN hindi ba? Dapat kahit papaano si...

SEC. ANDANAR: Si Prime Minister Lee Hsein Loong, dapat siya! Eh ito, si Presidente Duterte mismo. So ibig sabihin, nagpapakita ang bansang China o si President Xi na... nagpapakita siya ng kahalagahan sa kanilang treatment kay Pangulong Duterte at ng Pilipinas. Okay, so dalawa na iyon. Nandiyang pa iyong pangatlo na kung bakit na para sa akin, this is really what shield anything, para sa akin ha, talagang napakahalaga ng tingin ng Pangulong Xi Jinping kay Pangulong Duterte: Siya lamang ang state leader o head of state na binigyan ng dinner banquet noong araw na iyon. Siya lang...

LEO: O ‘di ba siya lang talaga, wala nang iba eh.

SEC. ANDANAR: Ang dami namang puwede, puwede mo namang ibigay sa ibang bansa. Puwede mong ibigay doon sa... sabi mo Singapore, puwede mong ibigay doon sa ibang mga bansa na present doon. Oh, ng Netherland...

LEO: Actually ang akala nga namin—sabi ko nga, alam ko working ito eh. Parang ang dating tuloy eh state visit eh ano! Nakita mo ba iyon? Kasi once na ang isang leader kasi bigyan mo ng dinner banquet, meaning ano eh, parang nag-state visit ka sa lugar niya eh.

SEC. ANDANAR: Oo, kasi iyon iyong—that was the main day, the main day iyong nagpunta ng opening, tapos sa gabi natapos na, dire-diretso.

LEO: Dire-diretso iyon eh. Hindi lang iyon, pati ‘di ba lunch? Magkasama sa lunch eh, then may dinner pa.

SEC. ANDANAR: Tapos mayroon pang bilateral.

LEO: Oo, may bilat pa...

SEC. ANDANAR: Nag-bilateral muna kami, tapos nagkaroon ng pirmahan, babanggitin natin kung ano iyong mga pinirmahan.

LEO: Naku ‘yan, isa ‘yan sa mga iisa-isahin natin mamaya-maya. Dahil ang sabi ko nga, doon sa bilateral po kasi, medyo a held pull lang ho iyon, ang inyong lingkod hindi nakasama doon. Isa lang sa amin nakasama.

SEC. ANDANAR: Hindi, nandoon ka noon una ‘di ba?

LEO: Ano lang iyon, iyong sa opening statements. Pero iyong lagdaan na, pirmahan na... hayun ilan na lang nakapasok doon.

SEC. ANDANAR: Ah okay, oo.

LEO: Kasi ang daming nilagdaan eh.

SEC. ANDANAR: Hindi pero iyon nga eh, nagkaroon ng bilateral tapos nagkaroon ng pirmahan, ito iyong mga letters of exchange na nangyari doon during that day and then dumiretso na kami doon sa dining hall.

LEO: Yes diretso na.

SEC. ANDANAR: So akalain mo during that day itself. Puwede naman ibigay sa ibang bansa, bakit binigay sa Pilipinas? So iyon!

LEO: Sabi siguro, kasi aalis na si Presidente agad eh so kailangan pakainin muna natin ito bago mag-Hong Kong.

SEC. ANDANAR: Pagdating pa sa Hong Kong, grabe iyong security preparations. Sabi ko, 'Wow.'

LEO: well ano ha, speaking of security, kahit sa Boao grabe ang security. Talagang nila-lock down once na isang leader ng bansa lumabas, lockdown as in wala. Eh alam mo naman ang Boao, I mean Hainan province is maliit lang iyong area eh, iyong—hindi ba kita mo? Lahat po, iyong lugar na iyon kapag may Boao Forum at saka lang magbubukas iyang mga hotel. Parang ano eh—

SEC. ANDANAR: Hindi! Hindi ba parang sabi ko nga, universal studio hindi ba?

LEO: Biglang open eh.

SEC. ANDANAR: Hindi ba iyong sa studio pagpasok mo parang bagong siyudad, iyong siyudad na nagbubukas lang kapag nag-open iyong universal studio, pag sarado na wala na ring tao.

LEO: Parang iyong mga tao doon parang pansamantala lang, pansamantala lang kayong buhay, parang ganoon eh.

SEC. ANDANAR: Pero grabe eh.

LEO: Parang ganoon eh, nakakatuwa iyong area. Pero anyway doon sa area na iyon, ito sabi ko nga, sabi ko gusto kong madiretso iyong benepisyo ng—ni Juan Dela Cruz. Eh ang produkto po nito sabi ko nga na... ang future gain, I mean—

SEC. ANDANAR: Unahin ko muna iyong sa atin sa PCOO.

LEO: Iyan-iyon, unahin muna natin kasi iyong lagdaan ninyo doon sa modernization—

SEC. ANDANAR: Itong PBS, itong Philippine Broadcast Service, itong Radyo Pilipinas. Actually doon pa lang sa ano Leo, doon pa lang sa bilateral meeting, siyempre taga jot-down ako ng notes, iyon naman talaga trabaho ko doon sa bilateral meeting, anong mga sinasabi ni President Xi, ni President Duterte.

LEO: Ikaw lang nagsulat doon eh. Ikaw lang nagsulat doon eh.

SEC. ANDANAR: Bakit mo naman alam?

LEO: Hindi nandoon ako eh. Habang nagsasalita si Presidente, ikaw naman—sabi ko, eh talagang me mnemonics itong isa. [laughs].

SEC. ANDANAR: Eh kasi baka mamaya tanungin ninyo ako, hindi ko masagot iyong mga tanong ninyo. Kaya alam ko iyong mga catch phrases eh, alam ko iyong mga words iyong mahalaga eh.

Okay so what really inspired and made me very happy was the time na talagang binanggit ni President Xi Jinping iyong kahalagahan ng media exchange because sa lahat ng mga bilateral meeting ni Presidente, sa iba't ibang leader na in-attend-an ko, never ko pa narinig sa mga heads of state na binigyang halaga iyong media exchange program and—

LEO: Dito sa—noong bumisita si ano, kapalit pansamantala ni President Xi Jinping, si Premier Li Keqiang, iyon nabanggit niya iyon doon sa Palasyo.

SEC. ANDANAR: Oo binanggit niya rin iyon.

LEO: Sa Palasyo iyon oo. Pero ito iba ito eh!

SEC. ANDANAR: Ito Presidente talaga eh. As in binanggit niya tapos siguro isang paragraph ang nakalaan para doon eh, kung gaano kahalaga iyong exchange program ng Boao na ginawa nila iyong conference na nangyari prior to the Boao conference. Sa isang—iyong pinuntahan ni Usec. Marvin Gatpayat at ng PPZ.

LEO: Sanya?

SEC. ANDANAR: Sanya! In-invite din ako doon eh kaso hindi naman ako puwedeng sumama kasi—

LEO: Three hours away.

SEC. ANDANAR: Oo kailangan kong samahan ni Presidente. So binanggit niya talaga and the fact na nanggaling mismo sa bibig ni President Xi, nanggaling mismo sa kaniya iyong mga salitang iyon na mahalaga, that really gave me goose bumps, talagang tumindig ang balahibo ko dahil talagang napaka-importante ng media exchange program. And this only means that kung binanggit ni Presidente Xi iyong kaniyang commitment para tulungan iyong ating government media, halimbawa PBS ay nandoon at talagang very sincere.

LEO: Correct.

SEC. ANDANAR: And sabi niya dapat marami pang mga exchanges na mangyari, marami pang mga taga government media not only from the Philippines, but from the entire Asia so dapat magpunta ng China para pag-aralan talaga iyong kanilang mga technology. So then after that iyon nga nagkaroon ng signing tapos noong pumirma na ako doon sa media MOU between the Philippines and China, ito iyong—nandito iyong exchange letter for broadcasting equipment to the Presidential Communications Operations Office. Ito ay tinatrabaho talaga natin ito sa PCOO: Iyong mga kasamahan ko, sila ni—si Josh. Wala na si Josh sa atin eh, lumipat na ng ibang kumpanya. Si Josh Cayabyab; tapos sila ni Asec. Kris Ablan; iyong mga kasama natin na

original na trinabaho talaga natin para mabigyan tayo ng mga equipment, Bong Aportadera. So iyong original na 70 million partner na ibibigay sa atin naging 140 million.

LEO: Nagbago ba iyon? From 70 to 140 na?

SEC. ANDANAR: Iyong original talaga na ibibigay nila sa atin 70 million.

LEO: Ah 70?

SEC. ANDANAR: 70 million pesos na ibibigay nila sa PCOO, sa PBS para mapaganda iyong ibang equipment dito, ibang radio station.

LEO: Oh kita mo ah.

SEC. ANDANAR: Ito nadagdagan ng 70. So 140, naging 140 million! Tapos pagkatapos kong pumirma after that time, kinamusta ako ni—

LEO: Sandali, itutuloy ko. Million pesos?

SEC. ANDANAR: Million pesos, 70 so ngayon 140.

LEO: 140 na?

SEC. ANDANAR: 140 million pesos na. So after that nilapitan ako ni Ambassador Zhao. Siyempre pinasalamatan ko siya kasi siya naman talaga iyong isa sa mga nag-facilitate tapos sabi niya, 'We will give you hundred fifty more.' Sabi niya, because I know that base doon sa pag-aaral ng kaniyang mga technician from China Radio International nagpunta dito, talagang napakadami pang dapat gawin sa PBS, lalo na sa probinsiya. Partner, we have 27 stations all over the country. At iyong mga gamit dito mga luma na. So napabayaang talaga! Buti nga ito, maganda na itong studio natin dahil napalitan na.

LEO: Iba na ito eh.

SEC. ANDANAR: May litrato nga—nawala ba iyong litrato diyan? May litratong nilagay doon.

LEO: Tinanggal eh.

SEC. ANDANAR: May litrato ako, para makita ninyo. Tinanggal ninyo ba iyong litrato?

LEO: Nandiyan daw sa loob.

SEC. ANDANAR: Oo kasi kailangan makita ng mga estudyante kung anong itsura ng PBS. Ipadala mo nga dito iyong litrato. Ngayon maganda na iyong itsura ng ano natin, mga equipment natin dito. So in other words, madadagdagan pa. Iyong hundred forty! Hindi pa nga nade-deliver nadagdagan na.

LEO: Nadagdagan na?

SEC. ANDANAR: Oo so talagang tuwang-tuwa ako na nabanggit at bukod doon ay tuloy-tuloy iyong pagpapadala natin ng ating mga personnel.

LEO: Personnel, oo.

SEC. ANDANAR: From PBS, from PTV, from Philippine News Agency, from PIA. Ipakita natin. So, ito po iyong itsura noon.

LEO: Parang nasa Luneta lang.

SEC. ANDANAR: Exhibit A. [laughs].

LEO: Hindi kumakain yata sila eh.

SEC. ANDANAR: Hindi basta ito iyong exhibit A.

LEO: Ah nagbo-broadcast. [laughs].

SEC. ANDANAR: Ito iyong lumang studio ng—ito ang Radyo Pilipinas. So bago na lahat pati iyong mga microphone natin, console... Hindi ba ang laki ng pinagbago, hindi ba state of the art. Tapos dati walang Teleradyo, ngayon may Teleradyo na.

LEO: May Teleradyo na.

SEC. ANDANAR: Tapos iyong mga pores namin ni Leo mas nakikita na ngayon.

LEO: Yari tayo doon. Napaganoon akong bigla eh!

SEC. ANDANAR: Let's welcome Aaron Esmenda at Ruby Manliguis ng ICCT College-Cainta Rizal. Hello!

LEO: Iyon.

SEC. ANDANAR: Good afternoon.

AARON: Good afternoon po. Hello po.

RUBY: Good afternoon po.

LEO: So third year?

RUBY: Yes po.

LEO: Ano nakita ninyo ngayon sa—first time ninyo bang makarating or ano?

AARON: Yes po, first time po.

LEO: Bakit masscom ang kinuha ninyo?

AARON: Para po sa akin kasi iyong masscom kasi hindi lang siya—it's not just about reporting po, parang... kapag masscom ka kasi parang you can answer to all of the things you want in your life. Siyempre kung gusto mong maging writer, kung gusto mong maging reporter o kung gusto mong maging anchor or gusto mong maging actor as well, puwede ka dito. So iyon po iyong napili ko sir kasi gusto ko rin pong maging writer po ng publication.

SEC. ANDANAR: Wow. Alam mo ang kagandahan talaga sa program na ginagawa natin, nakakausap natin iyong future ng mass communications sa bansa natin eh. Tapos siyempre puwede nating piliin kung sino iyong puwedeng pumasok dito at least nakakakuha tayo ng bagong sibol, mga bagong bata na matatalino, mayroong commitment. Alam ninyo ba na itong trabaho na ito ay it is really a vocation na—hindi ito biro ang trabaho na ito. Iyong commitment mo talagang kailangan mas sobra pa sa monetary, monetary or iyong suweldo na makukuha mo.

LEO: Sabi ko nga kailangan may advocacy ka, passion sa trabahong ito. Kasi kung wala huwag ka dito.

SEC. ANDANAR: Kasi... kailan ba ako nagsimula? 1993—1994 ako nagsimula eh! Nagsimula ako pare eh ano eh—

LEO: Maliit pa ako noon ha. '94?

SEC. ANDANAR: Oo, siguro maliit ka pa na college student noon [laughs].

LEO: [laughs] Sabi ni Leo linawin ko lang daw, linawin ko lang sandali ha, sorry ha. 150 million or 140?

SEC. ANDANAR: Hindi, 140... 140 million pesos.

LEO: Ah, okay.

SEC. ANDANAR: Kasi ang 17 million RMB, so i-multiply mo iyon sa...

LEO: So 140...

SEC. ANDANAR: Depende doon sa forex. Depende doon sa money exchange company na papasukin mo – mayroon iba 140, may iba 130. Kapag may komisyon iyong money changer, bababa [laughs]...

LEO: Magiging 139 [laughs].

SEC. ANDANAR: Oo, 139. Kapag walang komisyon, 140!

LEO: Anyway Secretary, speaking of iyong kanina, iyong exchange student sa China, puwede ba iyong mga katulad nila? Scholars! Scholars hindi ba, mayroon ding binanggit si President Xi?

SEC. ANDANAR: Okay. So mayroong program iyong China na in partnership with PCOO, na magpapadala kami ng 20-30 people a year – pero mga galing sa government media, at mayroon ding mga—depende sa recommendation ko. Kung ikaw ay isang, halimbawa isang writer ng isang diyaryo or—

LEO: Ah, puwede sa private?

SEC. ANDANAR: Oo private or mayroong blogger... puwede rin blogger, social media blogger. Kailangan i-recommend muna kita, bago ka makapasok.

LEO: Ano ba requirements sa ano...

SEC. ANDANAR: Well college graduate of course ‘no, tapos kailangan nasa trabaho ka na, matagal ka nang blogger, matagal ka nang naging anchor. Tapos ito, within 2 weeks na program. Tapos mayroon ding program na 10 months, mayroon ding 2 years. So iyong 10 months at 2 years ay puwede akong mag-recommend ng fresh from college, fresh graduate na gustong mag-aral doon sa—Pero of course, iyong kanilang—mas priority nila iyong matagal na sa industriya, oo.

LEO: Pero kailangan ba silang mag-apply?

SEC. ANDANAR: Oo, kailangan mag-apply of course.

LEO: Ah, okay.

SEC. ANDANAR: So kung halimbawa mayroong opening, i-announce natin tapos mag-a-apply sa PCOO, tapos ibibigay natin sa kanila.

LEO: Naku sayang Ruby Manliguis, hindi ka puwede pa pala – third year pa lang eh.

SEC. ANDANAR: Hindi bale, one year na lang puwede na. Lalo na kapag pumasok ka sa government.

LEO: Hindi, continuous ba iyon?

SEC. ANDANAR: Continuous iyon.

LEO: Ah, continuous pala...

SEC. ANDANAR: For—in the next 4 years. So ang gawin mo lang is pumasok ka sa government media [laughs]... sa government media. Ito, marami na tayong katulong dito, tutulong sa atin para mas umasenso iyong Radyo Pilipinas, so puwede kayong mag-apply.

LEO: Ruby baka may sasabihin ka. Mayroon ka bang... manawagan [laughs] sa inyong ano... Bilang isang estudyante, anong nakikita mo ngayon dine ha? Kasi parang ito ano na, on-the-job ka na ngayon, nakikita mo kung paano ginagawa dito.

SEC. ANDANAR: Iyong kapit-bahay mo na hindi umuwi sa bahay, manawagan ka na na umuwi na [laughs].

RUBY: Puwede po ba?

SEC. ANDANAR: Puwede! Kung mayroon kang nawawalang aso, isoli na sa bahay mo.

RUBY: Hi sa mga taga-ICCT Colleges, especially sa mga Masscom students... Next Fight Production, hi!

LEO: Aba, may mga production sila ha...

RUBY: Next Fight Production po.

LEO: Well at least nakita nila—nakita ninyo kung paano ginagawa dito. Para lang kaming naglalaro dito, ganoon lang iyon.

SEC. ANDANAR: Ilan ba iyong nanonood sa atin?

LEO: Sa ngayon, ang nanonood sa atin is... sa ngayon, sa nakikita ko rito is 488, almost 500.

SEC. ANDANAR: Ako iyong pinakaano, 485 [laughs]

LEO: Well, sino pa?

SEC. ANDANAR: Si Aaron, may gustong sabihin si Aaron.

AARON: Sir, we would like to take this opportunity para makapagpasalamat po. Kasi this is once in a lifetime opportunity for us learners, and we are here for an educational tour and we're not expecting na ganito po iyong mangyayari or ganito po iyong magiging kakalabasan ng—iyong tour po namin dito. And—

LEO: Hindi sinabi sa inyo?

AARON: No, sir.

SEC. ANDANAR: Hindi ninyo in-expect na ganito?

AARON: Yes, we are not expecting. What we are expecting is that, parang mag-ano lang po kami dito, parang titingnan lang po namin kung ano iyong itsura po. And hindi po namin in-expect na makakapagsalita po kami sa ganitong studio po. And that's very amazing po for us, kasi dito po nakikita po namin kung paano talaga iyong ginagawa and, iyon po iyon sir eh,

parang opportunity po para sa amin na magkaroon ng knowledge about this po. And sa tingin ko po, makakatulong po ito sa amin kapag nagtrabaho na po kami.

SEC. ANDANAR: Pero, how old are you?

AARON: I'm 19 years old po.

SEC. ANDANAR: 19... Ito iyong first time mo magsalita sa radio?

AARON: Opo.

SEC. ANDANAR: Pare alam mo iyong first time ko, nanginginig ako.

LEO: Ito hindi, ano!

SEC. ANDANAR: Hindi, sanay na sanay eh. Oo, sanay yatang mag-Facebook live ito.

LEO: Nagpe-Facebook live ka ba?

AARON: Kapag kasama ko lang po iyong kaibagan ko.

SEC. ANDANAR: Hindi, pero ito may potential itong si Aaron, may potential. Hindi ako magugulat kung one of these days partner eh nare-report—

LEO: Binabanatan ka na [laughs].

SEC. ANDANAR: Oo nga ano, puwede 'no. Hindi ako mag—I will not be surprised na makikita na lang kita sa Western Police District nagre-report or sa Malacañang one of these days... Kasi noong 19 ako, hindi ako ganito ka-confident.

LEO: Nangangatal ka...

SEC. ANDANAR: Oo, talagang... naalala ko, nag-broadcast ako doon sa 97.1 LSFM, oo. Hindi ako makasalita, pinapagsalita ako sa mikropono. Pero ito, iba ito... iba iyong mga kabataan ngayon.

LEO: Well, malalakas ang loob.

SEC. ANDANAR: Malakas ang loob. Ako puro loob lang, walang lakas... Kaya congratulations sa inyo. Thank you so much also for taking the time, at sana—ano nang naikutan ninyo? Napuntahan ninyo na ba iyong TV station? Hindi pa?

AARON: Hindi pa po, sir.

SEC. ANDANAR: Dito pa lang sa radio stations? So napuntahan ninyo na iyong dito, iyong ating theater? After? At nakita ninyo na iyong FM station dito?

LEO: Number one station. Number one ngayon yan.

SEC. ANDANAR: Dapat pasukin nila iyong station para makita nila. Iba doon, puro werss-werss doon, puro English doon, oo. Kung dito Tagalog... Oo mga FM 1... You're listening to FM 1.

LEO: Yeah, mga English-speaking dollar...

SEC. ANDANAR: 87.5

AARON: Pero okay din iyon sir para sa amin, kasi 'di ba parang ngayon sir we are engaged in using English language po. Kapag literate tayo when it comes to speaking English language po, parang we have the opportunity to communicate with other people especially globally po 'di ba. Parang ano iyon eh, parang isang stepping stone for us to work harder and para to ma-pursue natin iyong dreams and aspirations sa life.

LEO: Ano mas gusto mo – AM, FM?

AARON: Kahit ano po sir, basta po sir kasi... Sa ano naman po sir, depende po 'yan sa passion natin eh. Kung gusto po natin iyong ginagawa natin, kung mahal po natin iyong trabaho natin; and then kahit saan po tayo malagay doon, magiging successful po tayo.

LEO: May mararating ito...

SEC. ANDANAR: Mayroong mararating ito, siyempre parang beauty contest lang, alam mo kung ano ang sasagutin.

RUBY: Actually nagpa-pageant po talaga siya.

SEC. ANDANAR: Ah ganoon ba? Mga Mr. Pogi, ganoon?

AARON: Sa school lang po namin.

SEC. ANDANAR: Aba... Sige, maghanap tayo ng tanong! Itanong natin si Aaron: What is beauty to you?

AARON: Sir I think, beauty is not just about the physical appearance of an individual. It is about what you can share to other people and what you can learn from other people that you can use in order for you to influence other people and to become a role model to everyone.

SEC. ANDANAR: 'Yun!!! Eh kunin mo na ito. Puwede na ito... Alam mo kasi, all of you are very fortunate na we have this program, na kayo ay nakakadalaw dito sa ating government studios. Kasi mayroon tayong radyo, itong news and public affairs, mayroon din tayong music, entertainment; mayroon din tayong Philippine News Agency – so kung English ang inyong habol, sa PNA talagang English doon, pati sa FM English doon. Tapos mayroon din tayong mga

kasamahan sa Philippine Information Agency, na ang trabaho naman nila ay development communications.

Kasi hindi naman lahat TV, radyo, hindi naman lahat online, hindi ba? Minsan kailangan mo rin or most of the time kailangan mo ring kausapin ang tao, face-to-face. So that is also part of communication, sa mass communications. Kailangan mo pa rin makausap ang tao na face-to-face. So, kumpletos rekados ang inyong pagbisita. And from here, you will—one way or another makikita mo kung ano talagang gusto mo. “Parang gusto ko iyong trabaho ng PIA, kasi gusto ko iyong may interaction.” “Parang gusto ko iyong ginagawa ni Leo Palo. Parang gusto ko iyong ginagawa ng mga FM DJs doon kasi, you know, cool na cool, music lang ‘no.’”

Dalawang station iyan ha, iyong isa pangbata – sa inyo. Iyong isa naman pang-matanda – para sa amin, oo. Siguro iyong mga tatay nila malamang pinapakinggan iyong FM 2!

LEO: Well again, thank you Aaron and Ruby. Maraming salamat sa pagbisita ninyo rito, dahil in a while Sec. eh aalamin naman natin ang kaganapan ng lansangan sa Metro Manila.

SEC. ANDANAR: Lagay ng traffic.

LEO: Kung ano na ang—kasi na-traffic tayo kanina.

SEC. ANDANAR: Nandiyan na ba iyong bisita natin? Miss Earth ang bisita natin ha. Miss Earth.

LEO: Ito, totoong beauty contestant ito, beauty pageant contestant.

SEC. ANDANAR: Ito beautician! Ito, iyong darating beauty talaga, siya iyong taga-makeup!

LEO: Oo. Antabay kayo, ang Tagapagsalita po ng MMDA ay makakasama na natin in a while. Again, magbabalik po ang Cabinet Report sa Teleradyo.

[COMMERCIAL BREAK]

LEO: At siyempre balik na tayo sa ating second half ng ating pagtatanghal ng Cabinet Report sa Teleradyo. At katulad ng sinabi ko po sa inyo kanina ay makakasama natin sa ating studio ang taga pagsalita po ng Metro Manila Development Authority, may pag-uusapan tayong may kaugnayan dito sa—naku, presently ma-traffic ngayon ang EDSA. Well, alam ninyo sa lawak po kasi ng sakop ng paggawa naman ng MRT 7, apektado po iyong kahabaan ng Commonwealth Avenue dito sa Lungsod ng Quezon. Itong nakaraang Linggo lang, ang traffic sa bahagi ng Commonwealth sa may PHILCOA area. Binigyan ng pansin ng MMDA iyan dahil muling sa pagkipot nga ng daan dahil sa construction ng MRT7 sa station na iyan o MRT 7 stations, sa nasabing lugar. Paano kaya ang mga commuters’ nito? Lumala nga ba ang traffic sa Commonwealth? Iyan ang mga tanong natin. Hanggang kailan ang paggawang ito? Iyan ang ilan sa mga tanong na sasagutin dito po sa Cabinet Report sa Teleradyo. Good morning again—Good afternoon na pala, Sec.

SEC. ANDANAR: Good afternoon partner Leo at welcome ulit sa Cabinet Report sa Teleradyo. Ito po ang inyong lingkod, Secretary Martin Andanar kasama po si Leo Palo, at parang kahapon lang nasa Hong Kong tayo 'no, ngayon nasa Pilipinas.

LEO: Oo nga eh sobrang pagod ko sabi ko, hindi na ako babalik sa Boao.

SEC. ANDANAR: Easy-easy. Alam mo annual iyon ha, annual!

LEO: Pero loko lang iyon eh. Iyong Boao kahit ayaw ko na sana, ayaw ko ng bumalik pero ang laki ng ano, ang laki ng—

SEC. ANDANAR: Iyong impact.

LEO: Dinala ng Pangulo.

SEC. ANDANAR: Ang laki ng impact sa ating lahat na mga Pilipino.

LEO: Dito masayang-masaya ang isang Pilipino. Masayang masaya ang isang Juan Dela Cruz kay Pangulong Duterte.

SEC. ANDANAR: Kung sa Boao ay talagang nasabi natin na grabe iyong impact sa ating buhay, mga Pilipino.

LEO: Yes.

SEC. ANDANAR: Itong susunod na guest natin, mabu-Boao ka sa ganda.

LEO: [laughs]. Uy may tanong ka kanina doon sa estudyante.

SEC. ANDANAR: Ano?

LEO: Dito itanong mo. Ano iyon, what is ano?

SEC. ANDANAR: Ito mabu-Boao ka sa ganda.

LEO: Oo siyempre.

SEC. ANDANAR: Ito iyong talagang—dapat ito Spokesperson.

LEO: Dapat ito Spokesperson mo.

SEC. ANDANAR: Oo mga Deputy Spokesperson ito ng Palasyo. Bagay ito doon oh, talagang dapat—kapag ito ay nagsalita na mawawala ang init ng ulo mo eh.

LEO: Hindi at saka bright ito.

SEC. ANDANAR: Alam mo ang biggest fan nito alam mo kung sino?

LEO: Sino?

SEC. ANDANAR: Mamaya ibulong ko na lang sa iyo.

LEO: Ngayon na. Eh nandito na eh.

SEC. ANDANAR: Ibulong ko na lang sa inyo kung sino. Ibululong ko mamaya. May fan itong si Lin eh.

LEO: Teka, malaking tao?

SEC. ANDANAR: Hindi basta—

LEO: May letrang A sa pangalan?

SEC. ANDANAR: Hindi bigyan kita ng clue. Dating Press Secretary!

LEO: Uy!

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: Hindi ko na alam iyon.

SEC. ANDANAR: Iyon hanggang doon na lang. O sige introduce muna.

LEO: Anyway, from MMDA ang ating Spokesperson siyempre ang Miss Earth, tama ba ako?

SEC. ANDANAR: Earth shaking—

LEO: Huwag naman earth shaking, bakit ganoon?

SEC. ANDANAR: Earth shaking pagdating niya nagkagulo-gulo iyong mga tao. Sino ba itong Ms. Earth na ito?

LEO: Alam ko iyong earth shaking sa amin iyong Boao. [laughs]. Ladies and gentlemen siyempre pa, Madame Celine Pialago, good morning—ah good afternoon na pala, sorry.

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: Yes sir Leo and Secretary Andanar, magandang hapon po.

SEC. ANDANAR: Welcome.

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: Magandang tanghali sir. It's my pleasure na ma-interview ni Secretary Andanar and of course you, Sir Leo. Sa phone lang tayo nag-uusap.

LEO: Hanggang telepono lang kami. First time kami magkita actually!

SEC. ANDANAR: Kapag pinakinggan mo maganda ang boses, kapag napanood mo lalo na.

LEO: Naloko na.

SEC. ANDANAR: Kaya ang suwerte ng MMDA dito kay Celine.

LEO: Sobra ano.

SEC. ANDANAR: Kahit anong traffic kapag nagsalita para mawala iyong traffic.

LEO: Minsan nag-uusap tayo eh. Ang sabi mo, maglalagay ka ng Spokesperson ng PCOO. Ilipat na natin si ano...

SEC. ANDANAR: Puwede namang pag-usapan iyan.

LEO: Ayaw-ayaw.

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: Dito na talaga naglipatan sa [laughs]—

LEO: Hindi joke lang iyon. Anyway, Ma'am good afternoon again, medyo bising-busy ka dahil sa nangyayari ngayon.

SEC. ANDANAR: Naku parating busy iyan.

LEO: Oo sobra. Eh alam mo bang—kung saan ko siya pinapanood lang? sa Facebook live niya.

SEC. ANDANAR: Sa Facebook live oo.

LEO: Oo doon na lang. Hindi na nga ako nakikinig sa iba eh.

SEC. ANDANAR: Alam mo ang pinakagusto kong larawan ni Celine?

LEO: Iyan naman tayo eh. Larawan na naman eh.

SEC. ANDANAR: Larawan, hindi kasi nagkaroon—

LEO: Hindi naman kupas iyan?

SEC. ANDANAR: Hindi. Hindi ba nagkaroon ng Pista ng itim na Nazareno? Tapos mayroon ding pahalik.

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: Pila pahalik.

SEC. ANDANAR: Oo tapos nakatayo siya doon. Doon, tapos shinare lahat ng mga kaibigan: Pila-pahalik si Celine. [laughs].

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: Nag-viral iyon sir pero natawag iyong atensiyon ko doon sa photo na iyon.

LEO: Napagkamalan ano?

SEC. ANDANAR: Okay sige. So ano bang rason bakit nandito si Madame Celine?

LEO: Well iyon nga unang una siguro, kumusta iyong ano—kasi iyong sa MRT 7 station na ito, iyong sa ginawa ninyong re-routing sa area na iyan, kung saang ano, ‘di ba nagreklamo iyong mga tao na mukhang—natanggap ba nila iyong ginawa ninyo?

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: Huge adjustment iyon sir, hindi lang sa motorista, maging sa commuters, maging sa mga residente. Ang traffic scheme po kasi dito sa may Commonwealth, lahat ho ng pampublikong sasakyan particularly ho jeeps at saka ho UV express, magmula ho sa Quezon City Circle kailangang kumanan ng Maharlika kung ang biyahe ho nila ay Fairview. So kailangan ho silang kumanan ng Maharlika, kaliwa ng Masaya labas ninyo PHILCOA then proceed na ho kayo sa kahabaan ng Commonwealth. So iyong nakaugalian ho na chokepoint dito sa may Commonwealth kung saan doon na nagbababa at nagsasakay iyong mga jeeps, scrap na iyon sir.

Nagbago na ho tayo. Iyong mga jeeps at UV express kakanan ng Maharlika. No loading and unloading zone po iyong Maharlika. Ang loading at unloading zone ho ay pagkakaliwa nila sa Masaya. So nabanggit ko ho kanina adjustment din sa mga residente. Kasi iyong Masaya street before sir hindi naman busy road iyon pero ngayon doon na magbababa iyong mga jeep.

SEC. ANDANAR: Malungkot na ngayon.

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: So hindi na siya masaya. Hindi na masaya iyong mga residente doon. So doon na ho magbababa at magsasakay.

LEO: Hindi naman napupuno kasi sabi mo, doon humihinto or doon nag-u-unload ng pasahero doon sa Masaya?

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: Napupuno sir kaya may enforcers ho tayo doon. So hinahatak ho natin iyong bilang ng mga jeeps. Hindi lang iyon sir, maging iyong mga bus ho natin nag-adjust. Dati sir may makikita kayong island pag kanan ninyo sa Commonwealth, doon naglo-load at unload.

LEO: Yes.

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: Hindi na ganoon ngayon sir. Doon na sa may papuntang CP Garcia.

LEO: Basta lahat ng private puwede na silang dumiretso?

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: Private sir choice mo iyon kung gusto ninyo hong kumanaan ng Maharlika kung proceeding ho kayo ng Maginhawa that's fine. Pero ho hindi na ho natin maipapangako sa inyo na maluwa ho ang Maharlika. Again, jeepneys ho at saka UV express ho ang puwede doon.

LEO: Uy Binibining Maharlika may street ka pala dito, hindi mo sinasabi.

SEC. ANDANAR: Si Maharlika nasa Los Angeles. So ikaw ba taga Commonwealth, doon ka ba umuuwi sa Commonwealth area?

LEO: Dati umuuwi ako doon ngayon hindi na, ayaw ko na.

SEC. ANDANAR: Manila kana ngayon?

LEO: Ang problema noong galing akong Pasig na-traffic naman tayo papunta rito kanina? Teka ano bang nangyari doon, Ma'am? Tatanungin ko kayo.

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: Yes sir, napakadami ho nating road re-blocking so kasama nga diyan sir iyong nirereklamo ninyo ho at napansin ninyo kanina sa Northbound service road ng EDSA. So mapapansin ninyo ho iyong mga buses doon talagang marere-route ho sila palabas sa service road. So hanggang ano ho iyan sir, Monday 5 a.m. Simula ho iyan diyan sa may Mercury Drug, road reblocking po iyan. Idagdag ko lang sir, ongoing din ho iyong re-blocking natin sa España Westbound. Doon ho sa may papuntang Quiapo. Pero ho iyan 11 p.m., to 5 a.m.

LEO: Ng Monday?

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: Every Friday ho iyan. Limang week po iyang mayroong re-blocking! So mayroon din ho tayong re-blocking ngayon sa A Bonifacio. Doon ho sa mga motorista sa mga Del Monte going sa Mauban, may road re-blocking po tayo diyan.

SEC. ANDANAR: So para lang maintindihan ng mga kababayan natin: Kapag sinabi mong re-blocking, anong ibig sabihin noon?

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: Sir parang in layman's term nire-repair natin ang kalsada.

SEC. ANDANAR: So ang repair ay nangyayari ngayon dahil summer?

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: Yes sir at napakadami hong mga sirang kalsada maging dito sir sa Visayas Avenue ay may road re-blocking din.

SEC. ANDANAR: Iyong repair ba na mga kalsada ay hanggang gabi nangyayari ito?

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: Inuumpisahan po ng gabi, natatapos ng madaling araw. Pero ho iyong mga ganitong klase ng repair ho which is very urgent at emergency dahil major thoroughfare ay ginagawa ho natin ng weekends.

SEC. ANDANAR: So talagang expect na natin iyong mga road re-blocking pala ngayong buong summer na ito kasi walang pasok, mas kaunti ang mga motorista.

LEO: Mayroon bang—hindi ba naa-announce iyong dito sa EDSA na ito bakit parang nagulat yata lahat?

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: Sir, na-announce naman po pala ito. So na-announce po hindi lang ho—

SEC. ANDANAR: Hindi ka nagbabasa ng balita pare.

LEO: Nagpalusot eh. [laughs].

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: Na-capture naman ho ng mga mainstream media sir, nailabas ho kagabi at chineck ho natin.

LEO: Iyon naman pala eh.

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: And sir kung may questions ho sa re-blocking, ang MMDA official Facebook page po, they can always ask question.

SEC. ANDANAR: So MMDA Facebook page and then mayroon ding twitter, hindi ba?

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: Yes sir. And kung ayaw ho nila doon, even ho iyong fan page ng aming Chairman, Chairman Danny Lim, very active din po iyan.

SEC. ANDANAR: Danny Lim.

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: Opo puwede rin ho sa Facebook page namin. Facebook page ko.

SEC. ANDANAR: Sa iyo puwede rin?

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: Yes sir opo, puwede [laughs].

LEO: Sa kaniya na lang ho lagi. Sa Facebook na niya ko lagi.

SEC. ANDANAR: Baka makita mo puro picture lang. Baka puro photo tinitingnan mo?

LEO: Hindi, hindi iyong live lang.

SEC. ANDANAR: Tapos binabalikan mo iyong Ms. Earth, binabalikan mo.

LEO: Hindi iyong live lang, iyong live lang.

SEC. ANDANAR: Ah live lang.

LEO: Ikaw naman eh.

SEC. ANDANAR: Umayos ka. Umayos ka.

LEO: Live lang nga, iyong live oo.

SEC. ANDANAR: Hindi pero—so itong road re-blocking will continue until the whole summer?

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: Yes sir. Iba't iba ho 'no, may mga iba't ibang area.

LEO: Mga piling lugar?

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: Yes po. Asahan ho nila iyong España hanggang May 30 mayroon hong road re-blocking.

LEO: Matagal tagal iyan ah.

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: Every Friday, Saturday ho iyan, Sunday.

SEC. ANDANAR: Mayroon akong gustong tanong din kay Celine. Kasi nagkaroon ng presentation ang Department of Budget and Management during the Cabinet

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: Yes po...

SEC. ANDANAR: [Choppy line]... mga terminal doon. So you guys are also working on this?

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: Yes po. Iyong mga ferries ho natin, nasa 21 ho iyan. Kasama ho kasi diyan sir iyong challenge ng paglilinis ng Pasig River, nahihirapan ho kami diyan sir kapag tag-ulan, iyong mga lilies namin. So kasama rin ho doon sa ni-request natin iyong budget ho para mabilis ho nating malinis iyong mga water lilies. Kasi sir sa ngayon, mano-mano pa kami sa water lilies. Eh hindi ho natin puwedeng ibiyahe iyong ferry, kasi ho masisira naman ho iyong engine ng ferry, kaya ho mada-damage ho iyong operation namin kapag tag-ulan. Pero ngayon sir, operational lahat dahil ho tag-init, walang water lilies!

SEC. ANDANAR: Kasi doon sa report ni Secretary Ben, bukod sa mga existing stations, magdadagdag pa ng mga bagong istasyon eh. I think more than 10 stations ang idadagdag.

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: Yes, sir. Ang idea ho kasi ng pagre-rehabilitate natin – pagsasabuhay ng Pasig ferry natin sir – para magkaroon po ng alternatibo iyong mga commuters natin. Pero sir, hindi mo sila mahihikayat kapag madumi, maalansangan, mabaho, hindi komportable, kaya sure dadagdagan natin ng marami pang stations.

SEC. ANDANAR: Ano pa ito, panahon pa ito ni ano Partner, ni Chairman Francis Tolentino. Advocate siya na buhayin talaga iyong Pasig River terminal and boat system/ferry system, hanggang ngayon. Mabuti naman at iyon din ang proyekto ng MMDA ngayon, at pati si Sec. Ben Diokno mismo eh in-approve na niya iyong iba't ibang—

LEO: Iyan ang Ilocano sa lahat ng secretary, si Secretary Ben. Ayaw maglabas [laughs]... Ngayon siya na mismo—popondohan.

SEC. ANDANAR: Oy, naglalabas si Sec. Ben.

LEO: Ah, ganoon?

SEC. ANDANAR: Oo, basta...

MMDA SPOKEPERSON PIALAGO: Justified lang ho siguro talaga.

SEC. ANDANAR: Basta may kabuluhan iyong proyekto, marami ang makikinabang. For example itong Pasig – kasi partner iyong Pasig ferry system, -- imbes na halimbawa kung ikaw ay taga-Kapitolyo, Pasig o Manggahan mga ganoon 'di ba? Imbes na mag-commute ka, kung ang trabaho mo nasa Manila, eh mag-ferry ka na lang, wala pang traffic.

LEO: Correct, mas mabilis iyon.

SEC. ANDANAR: Hindi ba, mas mabilis pa.

LEO: Pero ano ha, doon sa ano naman tayo, sa kabilang side. Ang Pasig kasi sa ngayon, is it ano... okay ba siya sa—kasi ferry iyan, paano kung may sumakay na mga turista diyan tapos maamoy iyong Pasig natin or ano... Nalilinis ba?

SEC. ANDANAR: Kaya nililinis nila.

MMDA SPOKEPERSON PIALAGO: Sir, nalilinis naman ho. Itong summer sir, talagang tinatangkilik siya sir, so nag-a-average tayo ng at least a thousand passengers per day.

LEO: Wow! Ang dami na ha.

SEC. ANDANAR: Halo-halo na ito, may turista at saka...

MMDA SPOKEPERSON PIALAGO: Oo sir, iba-iba na ho iyan. Pero sir kapag tag-ulan ho, eh pumapalo lang ho tayo ng 100 to 150... 200...

LEO: Bakit kaya?

MMDA SPOKEPERSON PIALAGO: Sir, hindi matakbo iyong ilang mga units ng Pasig ferry. Dahil din iyong water lilies sir, makakapal iyan sir eh. Na-encounter ho namin iyan, talagang

‘pag hinila mo ‘yan, akala mo dahon lang na mabilis mong—malalalim sila sir, malalaki sila, talagang kailangan mo ng machine.

SEC. ANDANAR: Ah, malaki talaga ‘no.

MMDA SPOKEPERSON PIALAGO: Malaki po talaga sir, talagang full of energy kapag kukunin – eh mano-mano ho kami sa water lilies.

SEC. ANDANAR: Hindi, kaya maganda iyong proyekto ni Senator Cynthia Villar eh – iyong ginagawa niyang mga—

LEO: Mga bags... iyong mga water lilies.

SEC. ANDANAR: Bag hindi ba, Iyong water lilies. Saka iyong fiber na iyon, ay ginagawa niyang—parang riprap eh sa mga bundok na puwedeng mag-landslide, nilalagay niyang ganoon... Ang galing!

LEO: Actually, para may pakinabang at saka nagbibigay ng dagdag trabaho iyong ganoon.

SEC. ANDANAR: Sa Las Piñas ‘di ba, may water lily... parang may water lily ano sila doon eh, factory na paggawa ng bag, oo.

LEO: Iyong regarding sa linis ng ilog Sec., Ma’am, siguro iyong mga local government din, kasi ang alam ko ang iba diyang iyong sewerage direktso doon—

SEC. ANDANAR: Iyon ang pinakamalaking septic tank nga, hindi ba, sabi nila.

LEO: Grabe...

SEC. ANDANAR: Diyang sa Pasig papunta doon sa Laguna De Bay.

LEO: Iyan ang isa sa problema natin – kung paano ‘yan lilinisin.

SEC. ANDANAR: More than Boracay ha.

LEO: Yes...

SEC. ANDANAR: More than Boracay, mas grabe itong problema na ito.

MMDA SPOKEPERSON PIALAGO: Pero sir, if they are interested to know iyong aming mga stations, mayroon kaming station sa Pinagbuhatan, San Joaquin, Maybunga, Guadalupe, Hulo, Valenzuela, Lambingan, Sta. Ana, PUP, Lawton, Maynila, Escolta at saka ho Plaza Mexico. Ang pamasaha po kasi sir sa Pasig ferry ay 30 pesos to 95.

SEC. ANDANAR: Wow!

MMDA SPOKEPERSON PIALAGO: Kaya ho maraming tumatangkilik.

LEO: Doon sa ruta niya ma'am, sabihin na natin iyong dulo sa dulo – ilang minuto ang tinatakbo?

MMDA SPOKEPERSON PIALAGO: 21 kilometers po iyong kahabaan noon, 1 hour and 20 minutes po.

SEC. ANDANAR: Alam mo iyong bagong plano partner? Eh magkakaroon din ng terminal sa Manila Bay.

MMDA SPOKEPERSON PIALAGO: Yes sir, kasama po iyon

SEC. ANDANAR: Hindi ba, tapos papunta doon sa—paikot, papuntang Caloocan na ba iyon o Malabon.

MMDA SPOKEPERSON PIALAGO: Yes po, sa CAMANAVA area, Caloocan, yes po.

SEC. ANDANAR: Oo, saka Cavite partner hanggang doon sa Sangley. Oo posibleng mangyari iyon kapag natuloy ito.

LEO: Maganda pagka nagkataon. Kasi instead of—kunwari iyong mga taga-Cavite hindi ba... Hanggang ngayon ba ma'am, iyong 30 minutes-30 minutes, hindi na?

MMDA SPOKEPERSON PIALAGO: Buhos po sa Cavite? Hindi na ho hawak ng MMDA sir, pero since taga-Cavite ako sir, tuluy-tuloy po iyon. Alam ko pong may buhos po...

SEC. ANDANAR: Alam mo nang taga-Cavite si Ma'am Celine, alam mo na [laughs].

LEO: [Laughs] Sabay ganoon eh. Sabi ni—basa lang ako nang konti ha. Sabi ni Susie Paulino: “Ang galing ni ma'am, ganda pa.”

SEC. ANDANAR: Hini ba, napakasuwerte ng MMDA. Imagine mo kung nasa Malacañang siya 'di ba?

LEO: “Beauty and brain, ganda pa boses,” sabi ni...

MMDA SPOKEPERSON PIALAGO: Hindi sir, feeling ko nanibago lang ho ang mga tao. Hindi po totoo iyon [laughs].

SEC. ANDANAR: Anong year ka ba sumali ng Miss Earth?

MMDA SPOKEPERSON PIALAGO: 2014 sir...

SEC. ANDANAR: Bago lang...

LEO: Kailan lang...

MMDA SPOKEPERSON PIALAGO: Pero I started sir as a journalist, and sumubok lang ho ako—

SEC. ANDANAR: Sa ABS-CBN hindi ba?

MMDA SPOKEPERSON PIALAGO: Hindi po. Sa Channel 9, Channel 4 and sumubok po ako sa inyo sir noon, sa TV5; then hindi ho ako pinalad. So lumaki ho kasi noon sir eh.

LEO: Ikaw talaga oh... Ikaw pala eh!

SEC. ANDANAR: Ha?

MMDA SPOKEPERSON PIALAGO: Hindi mo po ako hi-nire (hire). [laughs]

LEO: Ikaw pala eh. May kasalanan ka pala!

SEC. ANDANAR: Bakit, hindi naman ako ang taga-hire doon. Si VP Sta. Ana saka si Patrick Paez [laughs].

LEO: Hindi mo raw ni-recommend eh.

SEC. ANDANAR: Hindi nga kami nag-meet noon. Eh kung nag-meet kami noon, eh di hi-nire ko na siya. So, nag-hire tapos?

MMDA SPOKEPERSON PIALAGO: Sir during my journalist days, lumaki ho ako eh, nag-220 pounds po ako. So naghanap ako ng inspiration to—

SEC. ANDANAR: Napasobra ang extra rice...

MMDA SPOKEPERSON PIALAGO: Oo, siyempre sir sa coverage kain kayo nang kain [laughs]. So ang naging inspirasyon ko hong pagpapayat ay sumali ng pageant. Tapos after kong mag-pageant, may mga offers lang na sumubok mag-showbiz pero hindi rin ho ako nag-click – bumalik na ho ako sa industriya natin.

SEC. ANDANAR: Hindi, pero bagay talaga sa iyo maging spokesperson. Walang biro, talagang maraming nagsasabi sa akin lalong-lalo na iyong former press secretary nakausap ko. Paulit-ulit ang text, “Kailan mo kukunin si Celine? Kailan mo kukunin si Celine?” Paulit-ulit...

LEO: Talagang former Secretary ng—

SEC. ANDANAR: Press Secretary. Matinik ito na press secretary.

LEO: Nasa diyaryo ba siya ngayon?

SEC. ANDANAR: Secret! [Laughs] Secret...

LEO: Kapag sinabi mo, alam ko na [laughs]. Sabay ganoon eh 'no.

SEC. ANDANAR: Baka nanonood na ngayon eh. Nanonood ngayon si ano eh... Hello, Secretary.

LEO: Talaga naman...

SEC. ANDANAR: Ano pa, ano bang ma-e-expect natin sa MMDA? Mayroon pa ba kayong mga proyekto?

MMDA SPOKEPERSON PIALAGO: Baclaran, sir. So yesterday nagsagawa ho ng coordination meeting ang aming Chairman Danny Lim together with our OIC, GM Jojo Garcia, saka Mayor ho ng Parañaque, then kasama ho iyong mga barangay officials. So ang gagawin natin diyan sir, iyong mga vendors na nandito sa loob ho ng Service Road, ilalabas ho natin sila ng Roxas Boulevard.

LEO: Ha? Saan doon?

MMDA SPOKEPERSON PIALAGO: Tawid sir.

SEC. ANDANAR: Ah...

MMDA SPOKEPERSON PIALAGO: Mahirap ho i-picture ngayon eh, pero by Sunday ho sir magsisimula na hong maglipat iyong 1,500 vendors para ho maging malinis iyong Service Road.

SEC. ANDANAR: Sa kabila? Sa kabilang side?

MMDA SPOKEPERSON PIALAGO: Yes po.

SEC. ANDANAR: Oo, iyong dating may mosque, doon ba iyon?

MMDA SPOKEPERSON PIALAGO: Yes po. Ang problema lang ho kasi ng mga vendors natin sir, hindi na daw ho sila tatangkilikin doon ng mga deboto ng Baclaran Church. Kasi ho sa Baclaran Church paglabas, at least nandoon na kaagad. Pero ho ang point po kasi sir, sobrang—magwa-one year na ho simula noong naayos natin iyong Baclaran. So, mag-a-anniversary na ho siya sa April 19. Ang sa amin, kailangan hong maalis sila doon kasi sir kapag wala kami, bumabalik din naman ho sila eh. So kapag walang operations nakakalat; kapag may nagtimbre ho na parating si MMDA aalis ho sila – hindi na ho matapos-tapos. So ito na ho iyong solution na naisip. Then ang Mayor naman ho ng Parañaque eh nagpaplanong magtayo ng 4-storey building para doon ho sa lahat pero ho, dalawang taon pa po iyon bago matapos.

LEO: At saka... alam mo naman vendor eh, iyon ang problema eh. Actually inaano ko rin sa side ng vendor, iyong mga iyan inutang din nila kasi eh iyong ano, kaya iyon ang pinaglalaman nila.

MMDA SPOKEPERSON PIALAGO: Yes sir, usapin po kasi ng sikmura itong pagtitinda, ano. Pero ang priority ho ng lokal na pamahalaan ng Parañaque, iyong mga residente lang nila. Ang dami rin ho kasi sir ambulant vendors eh, iyong nanggagaling pa ho ng Cavite, mayroon hong Quezon City, mayroon naman ho kariton lang iyong dala pupuwesto doon. So ang priority ho sa paglilipat ngayon, iyong mga talagang residente ng Parañaque. In fact sir, may mga listahan kami.

LEO: Iyon... Mga kababayan, may mga reklamo man kayo kung saka-sakali, puwede akong magbasa dito, sa Facebook live ng Presidential Communications Office. Babasahin ko mamaya-maya kung mayroon man. Pag-usapan natin mamaya iyong matinding reklamo against the MMDA...

MMDA SPOKEPERSON PIALAGO: Towing po ba iyan?

LEO: Kung anu-anong mga reklamo. Iyong ginagawa ni Bong Nebrija, ang tapang ni Bong ha. ‘Ayan, sa amin pong pagbabalik ‘yan kasama po ang MMDA dito po sa Cabinet Report sa Teleradyo.

[COMMERCIAL BREAK]

LEO: At siyempre balik tayo sa ating pagtatanghal muli dito sa Cabinet Report sa Teleradyo at kasama pa rin natin siyempre ang Ms. Earth ng MMDA, ang aming taga pagsalita, siyempre pa, Madame Celine hayan, good afternoon again!

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: Yes sir Leo, good afternoon po ulit.

LEO: Well sabi ko nga. Well nasa break tayo, ang tapang nitong si Bong Nebrija sabi ko, sangkatutak iyong mga nagrereklamo, sangkatutak din iyong nirereklamo niya dahil may mga tao talaga na—alam mo na, tawag doon ay palusot. Mali na gusto pang lumusot, eh kung anu-ano pa. Kamusta naman iyong mga ganoong ginagawa ng MMDA sa ngayon?

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: Sir ano ‘no. Ang pinapasalamat ho namin iyong liderato po ni Chairman Danny Lim, sinusuportahan po kami noong mga bosses. We are not saying na iyong mga dati ho ay hindi, iyong nakaraang administrasyon ay hindi. Pero ito ho, hindi ho kinukuwestiyon iyong judgment call ng mga officers na nasa ground. So tiwala ho sa amin sila Chairman Danny Lim, sina General Almadin na kapag in-apprehend ka namin whether who you are, uso-uso po kasi iyan eh, iyong nagme-mention ng pangalan.

LEO: Name-dropping.

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: Name-dropping, pinapakita ho kung saan sila nagtatrabaho which is fine with us, nirerespeto ho natin iyon. Pero ang problema ho kasi nasa kalsada ho kayo at naka-violate ho kayo so kami ho dapat iyong respetuhin ninyo during that time. Ang mga challenge lang ho sa amin bukod ho sa name-dropping eh iyong mga kaso nga ho sir na nabanggit mo na kinakaharap namin. Hindi na ho bago sa amin iyon. If I’m not mistaken, sir Bong si facing at least three administrative cases and I’m facing the same numbers.

LEO: Sino-sino ho iyong mga nagpa-file na iyan? Government officials din?

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: Hindi naman sir. Iyong iba ho mga private sectors na nato-tow ho, iyong mga establishments. Iyong sa akin ho isang eskuwelahan.

LEO: Ha! Pati sa iyo?

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: Yes, opo.

LEO: Aba mayroon ha.

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: So may mga ganoon ho talaga na hindi ho maiiwasan.

LEO: Kasi minsan may banggaan si Bong at si—I think it’s barangay kagawad, doon sa may Mandaluyong. Sakto naman nadaanan ko. Bumaba ako ngayon, tiningnan ko. Ano sila, nagde-diskusyon sila eh! Sabi ni Bong eh, sabi niya, ‘Alam ninyo brad, government tayo parehong dalawa pero iyong inaano mo, inaarbor mo, pamangkin mo, ikaw nga dapat ang magturo sa pamangkin mo na ano, kasi parang... simple lang ha simple lang iyong violation. Jaywalking lang pero kita mo naman, makikita mo po iyong isang taong ano, I mean kagawad pa man din sana ng barangay. Sorry, pero nabanggit ko ngayon dito Bong, eh nakakatuwa lang kasi simpleng violation eh aarburin mo pa. Eh ano pa kaya kung malaking violation na? ‘Di ba?

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: I agree sir. Kaya nga po ang nagiging problema natin dito: ayaw ho kasi ng mga motorista iyong salitang maabala sila.

LEO: Oo, iyon.

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: So as much as possible na kayang maayos na sa daan eh ayusin na. Unfortunately sir the fact na naka-obstruct ka, the fact na nagpasaway ka eh ikaw din iyong naging abala. So I think, amin naman ho kasi if we’re asking for your license, kindly give your license. Ang nangyayari po kasi for asking for license, they’re giving their government ID.

LEO: Correct.

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: Calling cards. We are not looking for those IDs. We are looking for your driver’s license. So baguhin lang ho sana natin iyong ganoong konsepto. But sir we know na iyong iba sir nag-a-adjust na eh. May mga kaibigan din ho kami, maging ho iyong mga opisyal ng MMDA na nahihiya ring mag-name drop sa mga nakaupo din ho sa MMDA.

LEO: Would you believe na, sabihin na nating for—after ha nandiyan na si General Lim. Would you believe na mas umangat iyong level ng MMDA? Iyong enforcer lang alone, natatakot na ang driver. I mean, alam na nila na kapag nandiyan na ang ano, medyo ano na sila aloof na sila na kailangan maayos iyong driving nila, whatever. Pansin mo iyon?

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: May ganoon ho kaming nararamdaman sir lalo na ho kapag nagsasama-sama kami sa operations then pupunta ho kami sa isang lugar. Makikita mo hong kilala na kayo noong mga drivers doon at alam ho nila na hindi sasantuhin. So nagtatakbuhan ho sila, lahat-lahat! Hindi ho kagaya noong kami ho ay nag-uumpisa—

LEO: Balewala—

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: Na kahit ho nandoon na kami sa harapan talagang hong—

LEO: Ang kapal ng mukha lang, parang ganoon.

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: Oo sobra ho. Eh ngayon ho impact ho iyong tawag doon sir eh. And it takes time na mabago iyong mindset ng mga kababayan natin. Hindi naman ho kasi porke't nadisiplina mo ngayon—

LEO: Yes.

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: Madidisiplina mo na bukas, sa susunod na araw. Pilipino tayo sir eh, ang mga Pinoy kapag walang boss, walang enforcer, walang law enforcer, pasaway, iyon ho yata talaga tayo! So ang pagdidisiplina ho sa mga kababayan slowly, dahan-dahan pero ho dapat radikal, talagang iyong decision making mo kapag nag-operate ka, seryoso.

LEO: At saka iyong ano, may kasabihan nga 'di ba? The law excuses no one. So kung Presidente ka man, ikaw ang man ay pinakamababang uri ng ano, ordinaryong mamamayan, sundin natin ang batas. Ganoon lang iyon kasimple iyon. Ang—speaking of disiplina, marami na rin kayong nadisiplinang mismong MMDA enforcers right?

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: Yes sir opo.

LEO: Na lumabag din sa mga panuntunan?

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: Napakadami sir. Ang mga enforcers namin sa totoo lang ho nasa tatlong libo iyan noon mahigit bago ho kami pumasok. Ngayon ho nasa 2,100 na lang.

LEO: Dahil doon?

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: 2,200 if I'm not mistaken.

LEO: Dahil sa pagdisiplina sa kanila?

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: Iyong iba ho naalis na ho sa service; Iyong iba ho naka-float; iyong iba ho ay nage-serve ng kanilang mga penalties; so iyong iba ho naka-standby sa office at hindi ho pinapalabas for investigation. So tuloy-tuloy sir ang ano pagdidisiplina sa hanay din ho namin.

LEO: Iyong mga totally tinanggal. Ano ito talagang worst na may ginawang kalokohan?

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: Yes sir. Job orders ho kasi ito ano. Para ho sa mga listeners natin na hindi nakakaalam. Ang polisiya ho kasi sa government kapag ho job order at naka-commit ho ng major violation, complaint.

LEO: Automatic iyon?

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: Hindi na ho nare-renew iyong ganoon sir eh. Pero ho kapag permanent kailangan ho nating i-consider dito iyong civil service.

LEO: Yes.

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: So dadaan ho ng due process, may demanda hong mangyayari. Mayroon din hong counter, kino-contest. So may hearing, may due process. So iyong mga job orders ho, sila ho iyong naalis na.

LEO: Kapag sinabi mong job order that will be—

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: Renewable every six months.

LEO: Ah so wala talagang choice? Kung hindi, hindi na sila ma-renew?

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: Yes sir kapag na-involve ka sa ganiyan alam ninyo naman hong kaya kayo JO kailangan efficient kayo sa work.

LEO: Yes.

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: Recommended kayo, maganda iyong inyong performance. Eh kung mai-involve po kayo sa minor corruption, kahit ho minor pa iyan eh napaka—evidensiya naman ho ay nandiyan.

LEO: Yes.

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: Hindi na ho kayo mare-renew.

LEO: At saka nagkalat na iyong CCTV ng MMDA.

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: Yes. We have 275 CCTV cameras sa kahabaan po ng EDSA.

LEO: Fully HD iyon.

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: Yes po, operational po lahat iyon.

LEO: Sige subukan ninyo lang, parang ganoon eh ano. Pero iyong mga—let’s say nag-violate pero wala naman doon iyong MMDA. Nakikita ba sa CCTV iyon?

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: Yes sir, iyan ho iyong tinatawag nating ‘no contact apprehension policy.’

LEO: Ah okay. So iyon iyong parang magugulat na lang siya kapag nag-renew siya ng lisensiya—

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: Hindi ho siya makaka-renew.

LEO: Oo.

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: Dalawa ho iyan. Mayroon ho kasi kaming backlog ngayon dahil ho inaayos ho iyong system namin. So puwede hong maabutan kayo ng renewal ng inyong lisensiya, pagpunta ninyo ho sa LTO eh hindi ho kayo pagre-renew dahil may lamat ho iyong lisensiya ninyo. So you have to settle that fines and penalty.

LEO: Ano iyon pupunta ka sa MMDA?

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: Yes po. Ang problema ho sir dahil nga ho may backlog, minsan ho nauuna hong malaman na hindi ka makapag-renew. Nale-late iyong summon. Pero initially naayos na ho namin ito ano. So ang programa ho ng no contact apprehension policy, after committing a violation in a week time, makakatanggap ho kayo ng summon.

LEO: Iyon.

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: Iyong summon ho na iyon, hindi ninyo ho made-deney iyon dahil may picture.

LEO: Yes.

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: Kung gusto ninyo hong i-contest, no problem, mayroon ho kaming video sa office para ho makita ninyo actual. So after a week bibigyan ho kayo ng sapat na panahon para i-contest iyan. Kapag hindi ninyo ho kinontest eh mada-damage ho iyong lisensiya ninyo. Ang maganda lang ho dito, hindi naman ho nag-a-accumulate iyong penalty. Kung ang penalty ho ay 500—

LEO: Iyon lang?

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: Hindi ibig sabihing ma-delayed ka ng bayad ay mag-i-increase nang mag-i-increase. But again, maaabala ka from the time na magre-renew ka ng lisensiya.

LEO: Pero kasi sa Amerika ganoon eh. Kaya hindi—nagtataka ka eh, kaya kunwari magdilaw na at hindi na kailangang mag-beating ka pa, talagang hihinto sila eh. Sabi ko, ang ano talaga nila. Iyon pala kapag lumagpas ka doon at kitang kita ka noong camera, tapos ka. Magugulat ka na lang may ticket kana, after two days lang sila eh, mabilis sila doon eh.

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: Sir iyong iba kasi technologically wise, iba ho talaga. Sa amin ho kasi sir sa MMDA, ginagawa pa ho namin lahat para maging advance ho iyong technology natin.

LEO: Hindi papunta naman siguro tayo doon.

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: Yes sir opo, in a way po na malayo pa lang alam mo na kapag nagte-text iyong driver. Analytics ho iyong tawag doon eh. Wala pa ho tayong ganoon pero ho ang best effort ho na ginawa ng command center ay nag-hire ho tayo ng mga mute and deaf.

LEO: May ganoon ha?

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: Yes ho. So nag-increase ho into 400 percent iyong bilang ho at total na apprehensions natin.

LEO: Iyong ano, ang MMDA, ito kakaiba ha mga kababayan. Iba ang local, iba ang MMDA.

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: Yes sir.

LEO: Kasi may mga local, kunwari sa Pasig.

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: Pasay, Makati. Yes po.

LEO: Manila, Pasay.

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: Yes po.

LEO: May kaniya-kaniya silang mga local enforcers. Sa local enforcers kasi nakikita mo minsan sila iyong lumalapit—sila iyong—paglapit nila doon sa driver sabay kuha ng lisensiya sabay lakad eh, sabay punta sa likod. Ang MMDA mapapansin mo eh kakaiba: Pagpunta doon sa driver hihingiin iyong lisensiya, tatanungin ng ano, ‘Anong violation mo?’ Sasabihin naman ng MMDA ang violation mo basta ibigay mo lang iyong lisensiya, nandoon lang din sa harapan mo, hindi aalis iyon.

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: Ang nangyayari kasi sir sa local ano kaya iyong iba hong violation diyan kino-confiscate nila iyong license dahil ho kapag na-confiscate iyong iba ho dito nagpa-file lang ng affidavit of loss. So re-renew ulit ng bago. Kaya ho kinukuha ho talaga nila iyong lisensiya para po may sapat na ebidensiya na may violation ka.

LEO: Ah, okay.

MMDA SPOKEPERSON PIALAGO: So sa MMDA po kasi, since ang atin hong coordination with LTO ay talaga namang intact; ang atin ho, hindi ho natin kino-confiscate iyong license, lalo na ho kapag minor violation lang. Kino-confiscate ho iyan sir, number one: kapag ho may naaksidente; iyong counterflow ho kpag sobrang illegal, kunwari ika-counterflow ninyo ho iyong EDSA, eh kailangan ho talagang makuha iyong lisensiya ninyo; Arrogant driver ka, kinukuha din ho iyong lisensiya.

LEO: Ah, marami palang panuntunan pagdating diyan. Ito sabi dito, “MMDA daw dapat makipag-coordinate sa DWPB para mapagplanuhan at mabawasan ang traffic sa Metro Manila.” Ano masasabi mo doon?

MMDA SPOKEPERSON PIALAGO: Sir, nagko-coordinate ho tayo; coordination in a sense with DPWH in terms of road re-blocking. Sila pa ho talaga ang nagbibigay ng schedule. So, well-coordinated naman po! Sir kasi kapag reblocking, kahit gaano na ho ka-well coordinated ‘yan, kapag may sinasara kang one lane eh nagda-damage ho talaga iyan. Kaya ho ang idea dito, it’s either ginagawa ho natin nang gabi kapag minor lang, pero ho kapag emergency ho ito at immediate ang kailangan, eh ginagawa ho natin nang weekends.

LEO: Iyong minor siguro, puwedeng gawin kahit weekdays, ano?

MMDA SPOKEPERSON PIALAGO: Hindi ho sir, hindi natin—ayaw ho nating isugal iyon nang weekdays.

LEO: Oo, kasi masyadong ma-traffic.

MMDA SPOKEPERSON PIALAGO: Hindi po kakayanin sir, kasi ang volume ng EDSA tuwing weekdays po ay 475,000 daily – which is the capacity is just 300,000.

LEO: Kapag weekend?

MMDA SPOKEPERSON PIALAGO: Mas mababa ho iyon, pero hindi ho kakayanin—hindi puwedeng isugal natin iyong mga kababayan nating nagsasakripisyo araw-araw.

LEO: Buti nga ngayon walang pasok, ‘di ba?

MMDA SPOKEPERSON PIALAGO: Yes sir, kaya diyan ho natin sinasamantala. Though may mga motoristang naaabala, pero kailangan ho nating isaalang-alang na kailangan ho mag-undergo ng road re-blocking.

LEO: Yes, alright. Sabi dito, “Kamusta na raw ugnayan nila ng MMDA Mayors, kasi may mga nagsasabing dapat nang gawing localized ang pagmamando ng traffic.”

MMDA SPOKEPERSON PIALAGO: Mayroon tayo sir, i-ACT – Inter-Agency Council on Traffic ano. Basta ho ang MMDA sa ngayon, focused po muna kami sa Metro Manila. Alam naman nila na ang MMDA is just the government body of the Metro Manila Council, so lahat ho

ng desisyon natin, aprubado ho ng mga Metro Manila Mayors. In terms of our relationship with them, okay naman po, harmonious naman sir, very cooperative naman sila.

In fact ho si Quezon City Mayor Herbert Bautista for example, hinayahaan niya ho kaming magsagawa ng clearing operations sa Quezon City. Kaya ho mapapansin ninyo doon sa clearings namin, mas madalas ho iyong Quezon City. Sa usapin naman po ng Baclaran, just what I've said po kanina, eh nakipag-coordinate naman ho sa atin si Parañaque Mayor para ayusin ho ang Baclaran. So sa Manila naman ho, may mga areas ho na hinahayaan ho tayong mag-operate, katuwang ho ang Manila Parking Traffic Bureau.

Pero hindi pa ho ganoon na kami lahat, dahil ho sa mandate ho ng MMDA, ang hawak lang po talaga ng MMDA are major thoroughfares – which is EDSA, C5, Commonwealth, Mabuhay Lanes, Scout Area atin na ho iyan, depende ho iyan sa nakalagay sa ating MMC Resolution!

LEO: Ang MMDA if I'm not mistaken, kailan ba nagte—nagte-training iyong enforcer nila sa MMDA eh, sa Manila hindi ba?

MMDA SPOKEPERSON PIALAGO: Yes sir, may free trainings ho kasi kami. So kung gusto ho natin ng synchronized training, mayroon po kami.

LEO: So part ng program talaga ng MMDA iyon para sa mga local...

MMDA SPOKEPERSON PIALAGO: Yes, opo. Mayroon din po kaming traffic education, mayroon kaming traffic school, yes.

LEO: Ah, okay. Para iyon sa lahat ng local?

MMDA SPOKEPERSON PIALAGO: Yes po, if they wish to, pero ho ang priority ho ay iyong mga enforcers.

LEO: Mga enforcer talaga, oo. Eh iyong problema natin sa Makati and Las Piñas? Kasi may sariling mundo, paano iyon? [laughs]

MMDA SPOKEPERSON PIALAGO: Hayaan ninyo na siya, sir [laughs]

LEO: Hindi ba? Kasi parang—kung nasa EDSA ka, kung ikaw ay... let's say—wala kasi silang ano hindi ba, iyong color coding? May ganoon sila, may sarili sila eh. So kapag dumaan ka kasi doon, sigurado huhulihin ka eh, parang ganoon.

MMDA SPOKEPERSON PIALAGO: Yes, sir.

LEO: 'Di ba, parang no choice ka kasi dumaan ka sa EDSA na sakop nila.

MMDA SPOKEPERSON PIALAGO: Hindi, sir. Ang EDSA-Ayala, EDSA-Buendia MMDA pa po 'yan – kapag pumasok ka lang doon sa loob nila.

LEO: Ah, okay. Sa loob lang nila?

MMDA SPOKEPERSON PIALAGO: Yes, sir.

LEO: Ah, kasi baka masyadong ano iyong ano eh... ang Makati pagdating sa issue na iyon 'di ba? Para silang ano...

MMDA SPOKEPERSON PIALAGO: Opo, may sarili ho silang dahilan 'ata sir [laughs].

LEO: So ang MMDA ngayon by 2018, anong mga programs, anong mga projects?

MMDA SPOKEPERSON PIALAGO: Si Chairman Danny Lim ho ang priority niya, iyong mga tao ho namin. Number one ho iyong karagdagang benepisyho, sahod, lahat ho; wala hong humpay sa pag-iisip iyong mga bosses ko po na paano—ano pa ibibigay natin sa kanila. In fact sir, ayoko man hong sobrang purihin pa, pero may mga pa-bigas ho halos weekly ang mga nasa operations ho. Lahat ho ng puwedeng i-abot para sa tao na hindi nagagawa noon, ginagawa po ngayon. 800 a day ho ang pinapakain ng breakfast everyday sa MMDA na empleyado ho ah.

LEO: 800 ha!

MMDA SPOKEPERSON PIALAGO: May pa-lugaw ho kasi doon tuwing umaga.

LEO: Wow! Ano iyon, lugaw ni Duterte? [laughs]

MMDA SPOKEPERSON PIALAGO: Ay hindi ho, sa MMDA po iyon.

LEO: Sa MMDA lang. Free?

MMDA SPOKEPERSON PIALAGO: Opo, free. So maliit na bagay ho ano, pero sana makatulong. Priority ho ni Chairman na iyong mga casual ho ay maitalon na sa job orders; iyong ilang job orders ay ma-permanent, so lahat po iyan, pinapaspasan ho natin iyan! Iyon ho iyong una niyang priority! Pangalawa sir, sa usapin po kasi ng volume, hindi naman ho kasi MMDA ang magre-regulate ng volume ng mga sasakyan. Kahit ho ano sabihin namin na, "O isang libong sasakyan"—

LEO: Kasama talaga ang DOTr.

MMDA SPOKEPERSON PIALAGO: Wala na ho sa mandato namin iyon. Kami ho kasi sa MMDA, taga-enforce lang ho kami ng batas. So ibaba ninyo ho iyong batas sa amin, i-enforce ho namin.

LEO: Uhum. Iyon ang kaibahan... Pero well sabi ko nga, dapat may ugnayan diyan sa mga malalaking agencies na iyan hindi ba?

MMDA SPOKEPERSON PIALAGO: Yes, sir. Basta ho, ang maganda ho dito maintindihan ho ng mga kababayan natin kung ano lang ho sa MMDA. Iyong parameters ho kasi ng trabaho,

hindi ugma doon sa magnitude ng kapangyarihan ho na mayroon kami. Kaya ho ang nangyayari, iyong mga motorista paglabas ng bahay nila, MMDA sisihihin nila – pero hindi ho sa lahat ng bagay.

LEO: Hindi naman pala sa kaniya.

MMDA SPOKEPERSON PIALAGO: Hindi ho sa lahat ng bagay.

LEO: For example, anong ano—na hindi nasasakop ng MMDA?

MMDA SPOKEPERSON PIALAGO: For example sir: clearing operations. Dahil ho nakikita nilang masigasig kami sa clearing, eh kahit ho iyong mga barangay suite, gusto papuntahan sa amin – hindi na ho amin iyon, that’s number one. Pero puwede ho naming puntahan, hindi ho namin sinasabing hindi namin pupuntahan. I-report ho nila sa Presidential hotline which is very effective, Secretary Andanar, 8888. Kasi in 3 days time kailangan aksiyunan namin iyon eh, so makakapag-operate ho kami roon. Pero ho iyong susuubin namin ang barangay suit ng isang local government, hindi ho tama iyon.

Sa usapin po ng basura: ang estero ho, ngayon tuluy-tuloy tayo sa paglilinis. Ang trabaho lang ho namin sir, mag-declog; aalisin namin iyong burak. Unfortunately sir, paano mo maaalis iyong burak kung puno ng basura? So linisin muna iyong basura para ma-declog.

LEO: Ah, so hindi sa inyo iyong basura ha?

MMDA SPOKEPERSON PIALAGO: Which is ang paglilinis po ng basura ay sa local government.

LEO: Ay... iyan ang problema natin ngayon.

MMDA SPOKEPERSON PIALAGO: Pero kapag nakikita ho nila iyong basura, “MMDA linisin ninyo naman ‘tong estero na ‘to.” But kami ho, taga-declog – sa burak ho kami, pinapalalim ho namin iyong pundasyon ng estero.

LEO: Dredging...

MMDA SPOKEPERSON PIALAGO: Yes po, dredging. Pero ho ang basura, hindi. Pero dahil ho, paano namin made-dredge, alangan namang titigan na lang namin iyan?

LEO: Eh doon sa mga flood control, sangkatutak ang basura. Paano iyon?

MMDA SPOKEPERSON PIALAGO: Yes, sir. Mayroon kaming mga pumping stations, we have 40plus mahigit na pumping stations. Sa amin ho iyon, kino-control ho namin iyon; mini-maintain ho namin iyon – sa amin iyon. Iyong mga esteros lang ho, sa usapin ng paglilinis, hindi lang ho sa amin, pero ginagawa na rin ho namin. Iyong mga kanal, dapat ho hindi na sa amin iyan – sa local government/barangay na po.

LEO: So doon pa lang, puwede nang mag-report pala ang MMDA na for example, ang control doon sa area ng – let’s say Navotas – kapag nakita nila na ganito kadami ang basura: “Ah ganito ho karumi ang Navotas. Mayor ano... ganito,” ‘di ba? Kasi kung hindi sa inyo ang basura—

MMDA SPOKEPERSON PIALAGO: Yes sir, puwede ho nila kaming lapitan. Pero sir, nasanay na ho iyong tao dahil Metropolitan Manila hindi ba, Authority... Pero wala hong sawa naming ini-explain, at hindi naman ho ibig sabihin na naghuhugas-kamay kami sir – nililinis din naman ho namin.

LEO: Yes... ililina ko lang na ang basura, hindi sa MMDA iyon, hindi talaga.

MMDA SPOKEPERSON PIALAGO: Yes sir, lalo na sir iyong pagkolekta – sa local government po iyan. Ang trabaho ho ng MMDA sa solid waste, usapin ng solid waste ay ang pagmi-maintain ho ng dumpsites. Pero ho iyong kokolektahin namin iyong basura, sa local government, may budget po sila.

LEO: Sa towing naman tayo. Si Secretary Andanar madalas mag-park ito sa kung saan-saan. Eh paano kung ma-towing?

MMDA SPOKEPERSON PIALAGO: Hindi naman siguro [laughs].

SEC. ANDANAR: Hindi naman ako na... Hindi, na-tow ako isang beses pero sa Makati, MAPSA.

LEO: Hindi, magkaibigan ang MAPSA saka MMDA eh.

SEC. ANDANAR: Oo nga, best friends [laughs]. Best friend sila, best friends.

LEO: Hindi iyon nga, sa towing naman tayo.

MMDA SPOKEPERSON PIALAGO: Sir, okay ho na natanong iyong towing ‘no. Ang dami ho kasing nalilito eh! Ang procedure ho kapag ho kayo ay nato-tow, kailangan hong mag-submit lang ho tayo ng ating sarili at lisensiya – number one ho iyon sir. Huwag ho tayong makipagdayalogo at makipag-away sa mga enforcers natin.

Paano ho kayo at bakit ho kayo mato-tow? Kapag ho kayo ay naka-park sa mga lugar na hindi dapat pagparadahan, kayo ho ay ito-tow. Pero ano ho iyong procedure: Kapag may driver, ticket lang po. Ngayon ho walang driver, gagawin ho namin iyong procedure namin, ano ho ba iyong procedure: Limang busina, isang minuto, limang busina ulit. Gagawin ho namin iyon nang limang beses! So magto-total ho iyon ng 5 minutes. After our procedure wala ka pa, ito-tow na ho namin iyon kahit dumating ka pa – kasi tapos na namin iyong procedure eh.

So kasi ho iyong ibang notion, “Nandito na ako eh, nandito na ako.” Tapos na namin iyong procedure eh, ito-tow ka na namin kahit dumating ka pa.

LEO: Hindi, kunwari... kunwari lang. Ako nagda-drive, pinark ko sandali, bibili ako sa ano, let' say for example sa isang convenience store ng tubig; ang tagal kasi noong cashier eh. Ngayon hindi ba puwedeng sabihin sa ano na, sa guard for example: "Kayo may-ari nito?" Hindi ba ano...

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: Naku sir kapag nag-o-operate kami, ilang wangwang, ilang siren ang umaalingawngaw sa isang street mahanap lang iyong may ari ng sasakyan. So kung nakatapat po doon sa nabanggit ninyong convenience store, iyong guard ho agad, pakihanap iyong driver nito. Pero gagawin ho namin iyong procedure!

SEC. ANDANAR: Pero kapag illegal naman, nakalagay na no standing or tow zone.

LEO: Ay huwag doon, sobra na iyon.

SEC. ANDANAR: Kahit pa may tindahan pa diyan huwag ka ng pumunta doon.

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: Ang masaklap kasi sir kahit tow-away zone kailangan naming gawin iyong procedure.

LEO: Yes.

SEC. ANDANAR: Ganoon talaga.

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: Pero kung minsan talaga kapag lalo na ho Mabuhay lanes, EDSA tow ka kaagad diyan sir.

LEO: Automatic naman.

SEC. ANDANAR: May batas eh kaya nga iyon ang pinagkakaiba ng Duterte administration na sinusunod talaga iyong batas, walang excuse. Pero alam mo mayroon akong—iyong mga no smoking area, kasama ba iyan sa ano ninyo? Ano bang—

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: Sir, mayroon ho kaming TROs sa panghuhuli ng mga nag-i-smoke.

SEC. ANDANAR: Ah ganoon ba, TRO.

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: Local government na daw po.

LEO: Wala na silang—

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: Kami sir kahit nakita naming nagyoyosi the best thing that we can do is to tell you to stop smoking.

SEC. ANDANAR: Stop smoking.

LEO: May ano naman eh.

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: For a while kasi sir public area.

LEO: May executive order naman eh.

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: Local government sir.

SEC. ANDANAR: LGU iyong nagpapatupad partner.

LEO: Ah ganoon?

SEC. ANDANAR: Eh paano iyong—naalala ko noong nakaraang administrasyon ay nagkaroon ng purchase ng mga Breathalyzer—

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: Yes sir iyong breath analyzer sir, yes po. Para ho—

SEC. ANDANAR: Anong nangyari doon, tuloy pa ba iyon o wala na iyon?

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: Sir, ang breath analyzers lang ho namin ay nasa lima. Hindi ko ho alam kung natuloy ho iyan o not within my knowledge—

SEC. ANDANAR: At saka baka paulit-ulit iyong—pabalik—hindi na nagagamit, wala ng—

LEO: Walang epekto eh.

SEC. ANDANAR: Hindi walang spare na—

LEO: Ah iyong pampalit?

SEC. ANDANAR: Pampalit noong pangsaksak sa bibig. Hinuhugasan pa. So testing lang pala iyon, hindi pala.

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: Sir, mayroon ho kaming mga existing na breath analyzer, ginagamit ho iyon sir kapag mag-i-inspection ho tayo ng mga bus terminals, very active iyong MMDA diyan kapag ho drunk driving—

SEC. ANDANAR: Oo drunk driving.

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: Ginagamit din ho namin iyon pero mas marami hong equipment ngayon ang LTO sa usapin po ng mga breath analyzers.

SEC. ANDANAR: So ngayong panahon na ito partner kasi mayroong tayong barangay election hindi ba?

LEO: Yes.

SEC. ANDANAR: So ibig sabihin barangay election, may mga gun ban etcetera ‘no.

LEO: Maraming checkpoint ngayon ha.

SEC. ANDANAR: Mga checkpoint. So paano iyon nakikipag-coordinate lang sa inyo iyong police?

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: Yes sir sila ho ang lead agency, kami ho ay first traffic management, crowd control, iyon lang ho ang papel lagi ng MMDA.

SEC. ANDANAR: Naku partner gusto pa nating makipag-usap kay Celine kaso—

LEO: Wala na tayong oras.

SEC. ANDANAR: Tatlong minuto na lang kailangan na nating magpaalam.

LEO: Bakit ang bilis? Puwedeng ma-extend?

SEC. ANDANAR: Ay naku, gusto ko nga sanang ma-extend kaso mayroong susunod na programa. Iyon ang gusto natin, ang gusto natin magtrabaho nang magtrabaho para sa bayan. Ang problema talagang may oras.

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: Limitado na ho iyong oras.

SEC. ANDANAR: Sinong nag-imbento ng oras na ito, dapat walang nag-imbento ng orasan.

LEO: Oo nga eh, dapat wala ito eh. At saka hindi dapat nakalagay sa harapan natin iyong oras. Nakikita eh!

SEC. ANDANAR: Hay naku naman talaga.

LEO: Well mga kababayan, siguro ang isa sa mga—may nag-ano dito eh, may natutunan sila. Ang MMDA pala ay hindi, anong sabi niya kanina, ‘Now I know, sabi niyang ganoon na may natutunan kami sa MMDA, hindi pala sila ang basurero.’ Oh ‘di ba?

SEC. ANDANAR: Hindi naman talaga, local government iyan.

LEO: Malinaw iyan, malinaw. Maraming hindi nakakaalam noon.

SEC. ANDANAR: May budget ang LGU.

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: Oo nga sir and so hindi rin ho kami taga ligpit. [laughs].

SEC. ANDANAR: Alam mo ang MMDA, alam mo ba ang MMDA, they just do extra work halimbawa kapag may fiesta, tumutulong sila sa paghakot ng bag. Tumutulong lang sila pero they don't have to do that. Tumutulong lang.

LEO: Well again, maraming salamat sa panahon ni Madame—Ms. Celine.

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: It's my pleasure sir. It's my pleasure. Thank you sir Leo and Secretary Andanar.

LEO: Parang ano rin, parang si Asec. Jonas.

SEC. ANDANAR: Parang si Cherry Mercado.

LEO: Oo nga ano.

SEC. ANDANAR: Disarming, hindi ba?

LEO: Kasama mo ngayon hindi ba?

SEC. ANDANAR: Oo.

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: Si Secretary Andanar ngayon ha! Change topic: Kamusta Hong Kong sir?

SEC. ANDANAR: Alam mo ano eh, masarap ang ano doon.

LEO: Ano?

SEC. ANDANAR: Chinese food.

LEO: Akala ko kung anong masarap eh.

SEC. ANDANAR: Chinese food, fried rice.

LEO: Uy hindi ha kidding aside. Saludo ako kay Pangulo. Sarili ko lang ito, from the bottom of my heart noong bigla siyang... kinilabutan ako.

SEC. ANDANAR: Humingi ng paumanhin.

LEO: Humingi ng paumanhin sa mga Chinese.

SEC. ANDANAR: Hong Kong residents.

LEO: And siyempre the government sa nangyari noon na hostage drama.

SEC. ANDANAR: Noong 2010.

LEO: 2010 sa panahon ni Noynoy. Well again wala na tayong oras. Maraming salamat sa panahon, sa lahat ng ating mga nakaagapay, mga ka-DDS worldwide, maraming-maraming salamat. Pasensiya na hindi ko kayo maisa-isa sa dami. Mga ka-BBM—

SEC. ANDANAR: Aabutin ka ng alas singko kapag inisa-isa mo iyan.

LEO: Naku naloko na. At siyempre sa ating mga estudyante kanina, sa ICCT Colleges sa Cainta, Rizal, ang ating mga third year mass com students na bumisita dito.

SEC. ANDANAR: Si Aaron Esmenda at si Ruby Manliguez—

LEO: Na naging guest natin. At siyempre sa ating mga co-workers natin, ang ating mga engineers, ang triple R. si Richard si Rene and ano, Rolly.

SEC. ANDANAR: Rolly oo.

LEO: At ang ating engineer doon sa kabila sa 918.

SEC. ANDANAR: Iyong ating napakagandang executive producer.

LEO: Oo si Weng Hidalgo.

SEC. ANDANAR: Colonel, yes sir, yes sir. [laughs].

LEO: May ganoon talaga eh.

SEC. ANDANAR: Hindi siyempre iyong si mister, Colonel.

LEO: Sabagay oo nga naman. At siyempre—

SEC. ANDANAR: Si ano si Vinci—

LEO: Si Vinci, oo.

SEC. ANDANAR: Ang uupo next week dito. Hindi inunahan ko na si Vinci.

LEO: Ikaw na nag-announce noon ah?

SEC. ANDANAR: Hindi, hindi ko kasi alam ang schedule ko next week. Nasa ibang bansa? Antipolo? Dipolog?

LEO: Akala ko Antipolo, ang layo. [laughs].

SEC. ANDANAR: Antipolog.

LEO: Antipolog pala. [laughs].

SEC. ANDANAR: Dipolog tayo, Dipolog. Mayroon kasi akong Dipolog next week, na imi-meet ko iyong PIA doon at iba pang mga kasamahan natin.

LEO: Phone patch ka lang?

SEC. ANDANAR: Eh puwede phone patch. Kahit dalawang phone patch pa ang gusto mo.

LEO: 2 hours phone patch. Iyon okay iyon.

SEC. ANDANAR: Oo puwede.

LEO: Puwede 'di ba? Again, maraming salamat sa ating MMDA Spokesperson Ma'am Celine Pialago.

MMDA SPOKESPERSON PIALAGO: Thank you, Sir Leo. Again, thank you, Secretary Andanar and more power po sa Presidential Communications Office.

SEC. ANDANAR: More power sa MMDA. Kailangan natin ang MMDA sa buhay natin.

LEO: Oo naman.

SEC. ANDANAR: Dito sa Metro Manila, araw-araw.

LEO: Kay Former Secretary, magandang tanghali po. Again ito po ang... Sinabi mo ba?

SEC. ANDANAR: Hindi, hindi pa.

LEO: Oo sabihin mo sa kaniya binati ko siya after matapos tayo. Well wala na tayong oras. Maraming-maraming salamat po sa inyong pagsubaybay. Again, ito po si Leo Palo III.

SEC. ANDANAR: Ito po naman si Secretary Martin Andanar.

LEO: At ito po ang Cabinet Report sa Teleradyo.

###

--

Source: PCOO-NIB (News and Information Bureau-Data Processing Center)